


# TINUTUPAD NG DIYOS

## ANG KANYANG SALITA

 ...sa mga nakalipas na araw. At nagpapasalamat ako nang lubos sa mga kapatid nating pinaghahandaan talaga ang pag-awit nito para sa akin sa tuwing darating ako rito, Kapatid na Angie at Kapatid na Gertie. Pagpalain nawa sila ng Panginoon. Sa tuwing naririnig ko kasi 'yan, bumabalik sa akin ang mga malaong alaala ng matagal nang panahon. Yung bago ako noon lumuwas ng tabernakulo, nagdaos tayo rito ng isang dakilang rebaybal, buong taglamig iyon, at ipinangaral natin ang Aklat ng Apocalipsis ng Panginoong Jesus. At ako'y... Halos kada Linggo ng gabi ay inaawit nila ang awiting, *Huwag Bibitiw*. Salamat, Kapatid na Gertie. At tunay ngang masayang-masaya ako dahil inawit nila itong muli ngayong gabi para sa atin.

<sup>2</sup> Sabi sa akin ni Kapatid na Angie medyo namamaos daw siya. Buweno, huwag kang mag-alala at di ka nag-iisa. Ako, rin naman. Kasi nga naman, kaninang umaga, pagkatapos kong pagtiisin ang mga nagsidalò sa halos dalawa't kalahating oras na pangangaral... Maiksi pa nga iyon kung tutuusin. At heto na nga, lumabas ako riyan, at medyo mamasa-masa't mahamog pa 'yung lupa, at, kaya naman, paos tuloy ang inabot ko.

<sup>3</sup> Subalit, sadyang mahal ko ang Salita, at lalong-lalo na ang pagpapala ng Espiritu Santong nakaakibat sa Salita. At sa tuwing nagpapala nga Siya at tumutulong, sadyang hindi ko mapigilan ang sarili sa pangangaral, kaya ngayon alam n'yo na kung bakit ganoon. Ngayon naman, siguro hindi ko masyadong pakahahabaan sa gabing ito, ang aking pangangaral, dahil nga medyo paos ako, subalit depende pa rin iyan sa mga pagpapala ng Diyos at sa espirituwal Niyang tulong na talaga namang kailangang-kailangan natin sa ating mga buhay.

<sup>4</sup> At ngayon, gaya nga ng naipabatid ni Kapatid na Neville, sa kanyang programa, o patungkol sa kanyang programa, pala. Heto nga't hangad kong lahat ng mga tagapakinig ay tumutok sa nasabing programa. Ngayon, hindi po niya ako sinabihang sabihin ito sa inyo. Ang totoo hindi pa ako lubos na napagpala sa pakikinig sa isang programa, gaya ng pagpapalang nakamit ko nitong nakaraang Sabado. Ilan nga ba rito ang nakarinig sa mensaheng iyon? Iyon nga'y isang obramaestra. WLRP, alas nuebe hanggang alas nuebe y media, tuwing Sabado ng umaga, ang tatlong Neville.

<sup>5</sup> At kausap ko nga noon ang kapatid nating nagrerekord ng mga pangangaral, si Kapatid na Leo, na nariyan ngayon. Labis siyang napuspos sa pangangaral, na hindi niya tuloy. . .Sabi niya, “Grabe, sino ang mangangaral na ito?” Nakatutok siya sa radyo. At si Kapatid na Gene, o alin man sa kanilang naroon, ang sabi, “Si Kapatid na Neville ’yan. Oras niya ngayon.” At iyon nga’y talagang napakainam. Hindi lang ’yung pangangaral na iyon, kundi lahat pa nga.

<sup>6</sup> Sasabihin ko sa inyo ang dahilan kung bakit gustong-gusto kong pakinggan ang mga pangangaral ni Kapatid na Neville. Hindi lang dahil isa siya talagang mahusay na mangangaral, kundi dahil alam kong ipinamumuhay niya ang ipinangangaral niya. At mas nanaisin ko pang ipamuhay mo sa akin ang isang pangangaral kaysa salitain mo lang iyon sa akin. Mas magiging mabisa kasi kapag ganoon.

<sup>7</sup> At ngayon nabanggit ko na ito, nabanggit ko na ito kanina, na ang aking ipangangaral, ngayong gabi, ay maiksi lamang po: *Tinutupad Ng Diyos Ang Kanyang Salita.*

<sup>8</sup> At kaninang umaga, naipangaral ko naman itong tungkol sa: *Ang Panggagaya Sa Cristianismo.*

<sup>9</sup> At, ngayon, idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala habang binabasa natin ang Kanyang Salita. At nais kong bumasa mula sa ilang bahagi ng Kasulatan, kahit mga tatlo lang, o marahil babanggit pa tayo ng ilan pa. Dahil, ang Salita ang pinag-uusapan natin dito. Sa huling Aklat ng Biblia, ang Aklat ng Apocalipsis, matapos na ang buong Biblia ay. . . tinapos na, narito ang—ang mensahe para sa Iglesya. Sa ika-22 kabanata ng Apocalipsis, magsisimula tayo sa ika-17 talata.

*At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika. At ang nauuhaw ay magsabi, Halika! . . .ang nakikinig ay magsabi, Halika. At ang nauuhaw ay pumarito. Ang may ibig, ay kumuhang walang bayad sa mga tubig ng buhay.*

*Aking sinasaksihan sa bawa’t taong nakikinig sa mga salita ng hula ng aklat na ito, Kung ang sinoman ay magdagdag sa mga ito, ay daragdagan siya ng Dios ng mga salot na nakasulat sa aklat na ito:*

*At kung ang sinoman ay magalis sa mga salita nitong aklat ng hulang ito, ay aalisin ng Dios ang kaniyang bahagi sa aklat ng buhay, at sa bayang banal, at sa mga bagay na nangakasulat sa aklat.*

*Ang sumasaksi sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo ako’y madaling pumaparito. Siya nawa. Pumarito ka, Panginoong Jesus.*

*Ang biyaya ng Panginoong Jesus ay mapasa mga banal nawa. Siya nawa.*

10 At doon naman tayo sa San Juan, sa ika-12 kabanata ng San Juan, simulan natin sa ika-39 na talata.

*Dahil dito’y hindi sila makapaniwala, sapagka’t . . . muling sinabi ni Isaias,*

*Binulag niya ang kanilang mga mata, at pinatigas niya ang kanilang mga puso; baka sila’y mangakakita ng kanilang mga mata, at mangakaunawa ng kanilang puso, at mangagbalik-loob, at sila’y mapagaling ko.*

11 At dito naman sa San Mateo, sa ika-24 na kabanata, at sa ika-35 talata, nagsasalita si Jesus.

*Ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwa’t ang aking mga salita ay hindi kailanman lilipas.*

12 At sa Mga Taga Galacia 1:8

*. . . kahimal’t kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa inyong tinanggap, ay matakawil siya sa inyo.*

13 Ngayon iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali, para dumulog sa pananalangin.

14 Aming Diyos, dumudulog kami sa Iyo sa Pangalan ng Iyong minamahal na Anak, na Siyang nag-anyaya sa aming lumapit, nagsasabing, “Magsihingi kayo sa Ama ng anumang Pangalan ko, at yaon ay Aking gagawin.” Kaya kami ngayo’y lumalapit, sa Pangalan ni Jesus, upang unang-una sa lahat makapagsisi sa aming mga nagawang kasalanan at aming mga pagkukulang; at upang hilingin sa Iyo na nawa’y linisin kami sa lahat ng aming mga katampalasan, at maging ang aming mga pag-iisip ay malinis din, upang umayon ang aming mga pag-iisip sa mga bagay na sakdal, at nauukol sa Kaharian ng Diyos. At nawa ang mga pag-iisip namin ay malagay, ngayong gabi, sa isang bagay na mas lalong makabubuti sa Kaharian ng Diyos, at lalong makapagpapabuti sa mga taong naroon sa Kaharian. At malinis nawa ang aming mga puso mula sa lahat ng bagay na masasama. Hinahangad naming lumakad nang matuwid sa Iyong harapan, na may malilinis na mga kamay at may dalisay na puso. At, oh, ang Diyos lamang ang may kakayahang gawin ang bagay na ito.

15 At dumadalangin kami, Ama, na linisin Mo po ang aming mga kamay at dalisayin ang aming mga puso. Hugasan Mo po kami sa mga tubig na makapaghiwalay sa amin, mula sa mga bagay ng sanlibutan, sa pamamagitan ng Salita. At nawa, sa pamamagitan din ng Salita, Iyong sinabi, “Malinis na kayo, sa pamamagitan ng Salita.” At idinadalangin din po namin na saliksikin ng Salita ang kaibuturan ng lahat ng mga pusong narito ngayong gabi. At linisin kami mula sa anumang hindi pagsampalataya, upang ang aming puso ay maipanauli nawa sa Espiritu Santo. At dalhin nawa Niya sa amin, ngayong gabi, yaong mga bagay na magiging kapaki-pakinabang sa Kaharian

ng Diyos. Tulungan Mo po sila, Panginoon, sila na—na pahinahina sa paglakad, sila, na hirap na hirap makapanampalataya sa Salita.

<sup>16</sup> At, O Diyos, sa madilim at mapanganib na oras na ito na kinabubuhayan namin, at ngayon nga pong nahaharap kami sa pandaigdigang krisis, pawang kadiliman lamang ang nakikita namin sa aming harapan. At dahil diyan sinabi Mong, “Itaas namin ang aming mga ulo, kung magpasimulang mangyari ang mga bagay na ito, sapagkat malapit na ang aming pagkatubos.” At nawa matagubilinan kami ngayong gabi, at sa pamamagitan ng Espiritu Santo, maisapuso namin ang tagubiling ito, upang maitaas namin ang aming mga ulo at maibaling sa mukha ng Diyos sa Langit, na Siyang nangako ng aming katubusan sa panahong ito. At gaya nga ni Juan, doon sa isla, panalangin din namin, “Siya nawa, pumarito Ka, Panginoong Jesus.”

<sup>17</sup> At idinadalangin po namin na Iyong ipagkaloob ang mga bagay na ito sa amin, ngayong gabi. At mapagalang ang lahat ng mga maysakit at may pagdurusa. At maaliw ang mga banal. Matawag ang mga makasalanan sa pagsisisi. At mabago kaming lahat, nang sa gayun sa aming pag-usad mula sa lugar na ito, na nagagayakan ng buong baluti ng Diyos, sumulong kami bilang mga sundalong nakahanda sa pakikipagbakang nakalatag sa aming harapan.

<sup>18</sup> Ngayon, habang nangagkakatiyon kami ngayong gabi, ang bawat isa sa kanyang panalangin, nariyang nakataas sa uluhan namin ang bandila, ang Tala sa Umagang pinangungunahan kami sa pagsulong! At gayundin naman ang hukbo ng kaaway ay nagsikampo rin, at ang higante nilang tagahamon ay isinugo nila sa amin na nagyayabang, sinasabi niya, “Lumipas na ang mga araw ng mga himala.” Subalit, O Diyos, magbangon Ka sa amin ng isang David, isang mandirigma, isang taong tatanggap ng hamon. At nawa ang Espiritung iyon ay manahan sa bawat puso, nang saganang-sagana. Sapagkat hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

<sup>19</sup> Sa pagtalakay natin dito sa napakahalagang paksang ito, hindi natin hangad na mambatikos ng anumang paniniwala, o manuligsa, o manggambala, o makipag-away. Para lamang ito sa pagtitipon at sa pagkakaisa ng mga tao ng Diyos. At ang dahilan kung bakit napili kong ipangaral ito sa tabernakulo ngayong gabi, ay dahil nga po sa kalagayan ng panahong ating kinabubuhayan. Ako’y—ako’y naniniwalang tayo’y nasa—nasa bungad ng isang bagay na alam ng sanlibutan na nakaambang maganap. Walang sinuman ang siguradong-sigurado kung ano nga ito, subalit alam nating may bagay na napipinto talagang maganap. Hindi lang dito. Kundi sa lahat ng dako.

<sup>20</sup> At sa palagay ko’y sadyang napapanahon talaga, ngayong gabi, kung gugugulin natin ang oras na ito, habang narito lahat

ang mga tao at nangagkatipun-tipon, at mangangaral tungkol sa isang bagay na sadyang napakahalaga, na makapagpapabuti sa atin, at makapagpapaunawa sa atin, at makapagbibigay sa atin ng isang—isang mas mainam na pagkaunawa tungkol kay Cristo at tungkol sa Ebanghelyo, at maging tungkol sa oras na ating kinabubuhayan.

<sup>21</sup> Ngayon, bilang pasimula, nais kong sabihin ito, na, hindi pa gaanong katagalan ay naparoon ako sa isang seminaryong Lutheran. At may sinabi sa akin ang mga kapatid na Lutheran, matapos nila akong sulatan ng liham, isang napakasakit na kritisismo, galing sa dekan. At marami silang sinasabi at kung anu-anong pinagsasabi, na—na isa raw akong “manghuhula,” at marami pa silang sinasabing masasamang bagay na, sa totoo lang, hindi naman nila mapatunayan. Dahil nga, sinabi ko raw, “Hindi kayang magpagaling ng Diyablo.”

<sup>22</sup> Ngayon, kung totoo ngang may kakayahang magpagaling ang Diyablo, isa na sana siyang manlilikha. At, ang Manlilikha, nag-i-Isa lang 'yan, at 'yun ang Diyos. Hindi kayang lumikha ng Diyablo.

<sup>23</sup> Ni ang Diyablo nga'y hindi sumasalihat ng dako. Ang kaya lang niya'y sumaisang dako sa anumang pagkakataon; ang mga demonyo niya ang mga naglipana't nagkalat, kung saan-saan. Subalit, ang Diyos ay sumasalihat ng dako. Ang Diyablo ay sumasaisang dako lamang.

<sup>24</sup> Ang Diyos ang pinakamakapangyarihan. Ang Diyablo ay may limitadong kapangyarihan lang, at iyon nga'y, hanggang pananakot lang siya. At ang tanging bagay na napahintulutan lang siyang gawin, ay ang ibalik ka roon sa alabok ng lupa. Iyon lang ang kaya niyang gawin. At, maging, iyon nga'y, may pagpapalang nagmumula sa Diyos, ang pangako ng Diyos, na pagkabuhay na mag-uli.

<sup>25</sup> Kaya, ang Diyos ang tanging Manlilikha, at ang Diyos lang ang Siyang nag-iisang may kakayahang bumuo ng mga selula. At ang mga selula nga'y paglikha, at nagkakaroon lang ng paglikha sa pamamagitan ng Diyos. Kaya, ang Diyos lang ang Tagapagpagaling, at wala nang iba pang kagalingan kundi Makalangit na kagalingan.

<sup>26</sup> May mga mahuhusay tayong doktor na kayang magdugtong ng mga buto; subalit ang Diyos ang siyang nagpapagaling. May mga doktor din tayong kayang magtanggap ng apendiks, o mag-alis ng bukol, na siya namang mabuting gawin. Subalit Sino ba ang nagpapagaling? Ang Diyos ang siyang nagpapagaling, sapagkat Siya ang tanging Manlilikha.

<sup>27</sup> Ngayon, ang sinabi nung dekan, “Ano ngayon ang tingin mo sa amin, na mga Lutheran? Sa palagay mo ba'y maituturing mo kaming mga Cristiano?”

28 Sabi ko, “Oo naman.” Sabi ko, “Ang Kaharian ng Diyos ay kagaya ng isang taong nagtanim ng kanyang mais sa isang sakahan. At nung isang araw, naparoon siya at tiningnan niya ito, may dalawang maliliit na dahon nang nakausbong, nung mga unang araw ng tagsibol. At ang sabi ng nagtanim, ‘Masdan n’yo ang aking maisan!’ Ngayon, may mais na ba siya? Meron, may patunay na nga, subalit hindi pa sila ganap na mais.”

29 Ngayon, kagaya kasi ito ng kunwari nagbigay ako sa inyo ng isang . . . Humingi kayo kunwari sa akin ng isang puno ng roble, tapos inabutan ko kayo ng buto ng roble. Meron ka nang puno ng roble, may pinanghahawakan ka na, dahil ang puno ng roble ay naroon sa loob ng buto ng roble. At, sa ganoon ding paraan, sa butil ng mais, mayroon na kayong mais, subalit ito’y hindi pa ganap na mais. Ang nasa iyo kasi ay butil. Ngayon, ang sabi ng lalaking nagtanim, “Masdan n’yo ang taniman ko ng mais. Hindi ba’t ang gaganda nila? Ang aking mga mais!” Tinawag niya itong mais, bagama’t, usbong pa lang ito.

30 Sa pagdaan ng mga araw, lumago na ang tangkay ng mais hanggang sa maging tungkos na ng mais ito. Doon sa tungkos ng mais na iyon nagmumula ang polen, o mula sa tungkos na iyon nanggagaling ang nalalaglag na polen, na siyang dahilan ng pagbubuntis at pamumunga ng mais, pagkatapos magsama ng lalaki at babae nito. Ngayon, paano kaya kung ang tungkos na iyon ay babaling at magmamalaki sa—sa dahon magsasabi, “Aba, wala na akong kinalaman sa iyo. Ni wala ka nga rito sa eksena. Iba kasi ako sa’yo. Ako kasi ang tungkos ng mais. Ako ang siyang kinikilala. Wala kang anumang kinalaman dito?” Gayumpaman, paikut-ikutin man natin, kung wala ang dahon, walang kabuluhan ang polen ng mais, dahil nga doon sa dahon naglalaglag ang tungkos ng mais, at doon din umusbong ang uhay. At ang buhay na naroon sa—sa dahon ay ang siya ring buhay na naroon sa tungkos ng mais.

31 Sa pagdaan pa ng mga araw, uusbong naman ang uhay. At pagkatapos ng uhay, ang butil naman. At, tapos, sasabihin ng butil na ito sa tungkos ng mais “Wala akong kinalaman sa iyo. Ni wala ka nga sa eksena.” Subalit kung hindi dahil sa tungkos ng mais, o di sana’y wala ring butil.

32 Kaya heto nga’t, parang ganito ’yan, ang maliit na tangkay ay ang rebaybal ng Lutheran; at ang tungkos ng mais ay ang rebaybal ng Methodist; at ang uhay ay ang rebaybal naman ngayon. Ngunit, kung titingnang maigi, ang siya ring Espiritu, ang siya ring Buhay na nasa maliit na tangkay ng mais, buhat pa ng pasimula, ay ang siya ring Buhay na nasa butil.

33 Ngayon, ang tanging bagay na nasa mga pentecostal . . . Ang binabanggit ko rito ay yaong mga tunay na pentecostal, hindi ’yung nabansagan lang sa pangalan. Kundi, yaon ngang tunay na Mensaheng pentecostal na taglay-taglay ang natatanging

bagay na iyon ng pagpapanauli ng siya ring Bagay na naibaon noon sa lupa, na dumaan din sa Lutheran, Methodist, Baptist, Presbyterian. Kita n'yo? Ngayon ito nga'y nakarating na roon sa uhay. At ngayon aking . . .

<sup>34</sup> Ayaw ko sanang sabihin ito, subalit nagsimula na ritong magsitubo ang mga mapanirang singaw. At alam n'yong mga magsasaka kung ano ang bagay na ito. Ito nga'y isang bagay na gumagaya sa uhay. Ngayon, 'yun ang gusto nating putulin, sa gabing ito. Dahil, kung hindi ninyo mapuputol iyon sa inyong mga mais, magiging sanhi ito ng pagkasira ng buong taniman.

<sup>35</sup> Kaya naman, may isang bagay lang akong nais linawin, na, ang mga tao roon sa lahat ng mga iglesyang denominasyon, sa pagsapit nila noon sa mga dakilang panahon, humantong sila sa pagpapahinog. At ngayon ngang nasa binhi na ang iglesya, at kailangan na nitong ipamunga ang siya ring naibaon noon sa lupa. Heto nga't, narito na tayo sa isang Iglesyang tunay ngang husto na sa gulang. At hindi maaaring sabihin ng isang bahagi na *ganito* sa isa pang bahagi, dahil namuhay silang mainam sa kani-kanilang panahon. At lahat sila'y ang taniman ng mais sa paningin ng Diyos, kaya naman hindi natin maaaring maliitin ang sinuman.

<sup>36</sup> Subalit may ilang mga katuruan ngayon, lalo na sa mga natatanyag na pandaigdigang pagsasahimpapawid, na ganoon na lamang kaliit ang tingin sa Salita ng Diyos, at sinasabi nila, na, "Nananahan ang Diyos sa isang iglesya, at hindi sa Salita."

<sup>37</sup> Napakinggan ko ang kanilang sikat na guro, ilang gabi na rin ang nakalipas, sabi, "Saan ninyo nakuha ang inyong Biblia? Hindi ba dapat ang Diyos mismo ang nakapag-isip na magsulat ng Biblia roon sa langit, at ipahahatid iyon sa mga mumunting Anghel, at bababa sila rito sa mga pasilyo ng Langit at ibibigay iyon sa inyo nang direktso." At ang sabi, kaya naman, "Walang sinuman ang maaaring makapamuhay sa katuruan ng Biblia. At hindi rin iyon mapananaligang tunay talaga." Pero sinasabi nilang sila raw ang unang Iglesyang nagpasimula.

<sup>38</sup> Ngayon, ang mga taong naroon, sila, na nagsisimba roon, sila'y mga kalalakhian at mga kababaihan ring gaya natin, at sila nga'y nagsisiibig, at kumakain, at umiinom din naman. At may magagawa ba tayo para mapigilan sila dun? Tunay ngang wala maliban na lang kung sabihin nitong Bibliang ganito ang mangyayari; at Iyan po ang mangyayari.

<sup>39</sup> Ngunit, upang palakasin ang inyong pananalig, heto't nais kong gawing malinaw ang ipinapangusap ko sa inyo ngayon para madali ninyong makuha't maintindihan, naniniwala nga akong *Ito* ang buo, ang tiyak, ang dalisay na Salita ng Diyos, at wala nang maaari pang idagdag o ibawas Dito. Ito na po ang kumpletong programa ng Diyos sa Kanyang Iglesya. "Sapagkat sinuman ay hindi makapaglalagay ng iba pang pinagsasaligan,

kundi ang nalalagay na.” Nakukuha n’yo po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kaya naman naniniwala akong hindi maaaring magkamali ang Salita ng Diyos. Ang sabi ko, sa isa sa mga tao nila roon, “Saan ika mo galing ang Bibliang ito, sa iglesya n’yo ba? Isinulat ba ng iglesya n’yo ang Bibliang ito?”

“Oo, isinulat ng mga santo namin ang Biblia.”

<sup>40</sup> Sabi ko, “Kung ganoon nga’y bakit Ito nawaglit, na anupa’t napakalayo ng pinagkaiba n’yo ngayon sa Bibliang ito?”

<sup>41</sup> “Buweno,” sabi niya, “ganito kasi ’yan, ang mga tao roon ay namuhay sa isang panahon, namumuhay naman tayo sa iba ring panahon.”

<sup>42</sup> “Subalit,” ang sabi ko, “hindi ba’t namuhay ang Diyos sa lahat ng kapanahunan. At ang Biblia, kung kinasihan nga Ito, ang Diyos na hindi maaaring magkamali ang Siyang sumulat ng Bibliang ito. At sinabi pa nga Niya, sa Kanyang Salita, na, ‘Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, datapuwat ang Kanyang Mga Salita ay hindi kailanman maaaring lumipas.’”

<sup>43</sup> Ngayon, higit na nakabibigla ito sa kausap ko dahil hindi niya inaasahang may mga bagay pa lang ganito. Subalit, kung malalaman n’yo lang, ito’y pagsasakatuparan ng Kasulatan. At ayaw ko mang sabihin ito na dito sa Amerika, kung anu-anong mga pambahirang bagay ang inihahalo natin sa mga relihiyoso pa namang mga pagtitipon ngayon. Hindi naman sa ibinababa ko sila; sa katunayan marami sa kanila ang mga tao ng Diyos. Subalit, sasabihin ko ito. Na, kayrami na rito sa Amerika, ang nawaglit na at napalayo na, kapuwa Katoliko at Protestante, mula sa turo’t aral ng Salita, at kung anu-anong sistema na ang pinaairal. At ang sistemang ito ay isang sistemang intelektuwal na ang dulot lang ay kahali-halinang mga bagay sa halip na ang Salita. At nahuhulog ang mga mamamayan ng Amerika sa kung anu-anong kaakit-akit na mga bagay. Ang bayan nga ng Amerika ay naging dako na ng pagsamba sa diyosa.

<sup>44</sup> Tunay ngang malalim at mataas ang aking paggalang sa mga kababaihan. Nariyan po ang aking ina, maging ang aking maybahay, at may mga dalagita pa ako. At ang isang babaing nanatili sa kanyang lugar, at may taglay na kahinhinan, wala na ngang mas mahalaga pa liban sa kaligtasan, sa ating bansa, kaysa sa isang tunay na babae.

<sup>45</sup> Subalit, pagdating na sa punto, na pasasambahin na kayo sa mga kababaihan, aba’y lihis na lihis na ’yan sa sinasabi ng Biblia. Hindi kailanman sinabi ng Biblia na maaari na tayong sumamba sa kaninumang babae, sa isang Maria, o isang Santa Cecilia man. Wala ni katiting na Kasulatan ang magpapatunay rito. At, sa katunayan pa nga, Ito’y laban sa ganito. Kaya mag-aalinlangan pa ba ako, kung ito na ang sinasabi nung pasimula pa man, ng mga nagsilakad kasama si Cristo, na nagsisulat nito



sa pamamagitan ng inspirasyon. . . Sa palagay n'yo ba basta ko na lang tatanggapin ang salita ng sinumang tao para ipagpalit dito? Hindi, po. *Ito* kasi ang Walang Hanggang Salita ng Diyos.

<sup>46</sup> Ngayon, itong ministro, o itong paring kau-kausap ko, ang sabi niya, “Ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya.”

<sup>47</sup> Sabi ko, “Ang Diyos ay nasa Kanyang Salita.” Ang Diyos nga’y nasa Kanyang Salita. Sinabi ng Biblia, “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin.” Ang Diyos nga’y nasa Kanyang Salita.

<sup>48</sup> Ngayon pansinin n'yo, sa Lumang Tipan, may dalawang paraan sila para matiyak kung totoo nga ba ang isang mensahe. Ang isa kapag ang isang propeta ay may nais ipropesiya, o ang isang mapanaginipin ay nakapanaginip ng isang panaginip, kanilang isasaysay iyon sa harapan ng—ng pektoral ni Aaron. At naroon sa pektoral ni Aaron ang mga bato ng kapanganakan ng labindalawang patriarka sa pektoral. Suot-suot niya iyon sa kanyang dibdib upang ipakitang siya ang punong saserdote ng labindalawang tribo ng Israel. At kapag sinasalita na nila ang kanilang pangitain, o sinasaysay ang kanilang panaginip; at kung pinatotohanan nga ito ng Diyos, may isang sobrenatural na Ilaw ang babalot sa palibot ng Urim Thummim, at ang ibig sabihin nito’y pinatotohanang totoo nga ang mensaheng iyon. Kahit gaano man itong tila napakatotoo, kahit na gaanong tila baga akmang-akma ito sa panahon; kung hindi lumiwanag ang sobrenatural na Ilaw sa Urim Thummim, tatanggihan nila iyon, sapagkat wala naman doon ang Diyos.

<sup>49</sup> At kaya naman sinasabi ko, ngayon. Oh, nais kong dinggin n'yo ito. Anumang mensahe, kahit na mula man ito sa pari, sa mangangaral man, sa propeta man, saan man nanggaling, kahit kanino pa man galing; gaano mang kaespirituwal, ano man ang kanyang katungkulan, ano man ang kanyang nagawa, nagawa man niyang makabuhay ng patay, nagawa mang magpagaling ng mga maysakit; kahit siya pa ang arsobispo ng Canterbury, kahit siya pa ang papa sa Roma, kahit siya pa ang pinuno ng alinman diyang naglalakihang denominasyon; kahit gaano man siyang kaespirituwal, kahit na nakapagsasalita pa siya ng iba’t ibang wika, kahit na nakapagsasayaw pa siya sa Espiritu, kahit na nakapapangaral pa siya ng Ebanghelyo; kahit na ano pa man ang nagagawa niya, kung hindi galing ang mensahe niya sa Biblia, mali pa rin. *Ito* kasi ang Urim Thummim ng Diyos.

<sup>50</sup> Noong makumpleto na ang Biblia, bumaba ang anghel, at nakipag-usap kay Juan. Pagkatapos ay dumating si Jesus, Siya Mismo, ang sabi, “Ako, si Jesus, na nagsugo ng Aking anghel upang ipatotoo ang mga bagay na ito. At ngayon isara mo na ang Aklat, subalit huwag mo Itong tatakan. Sapagkat sinuman

ang mag-alis ng anuman mula Rito, o magdagdag ng anuman Dito . . .” Iyan nga ang Salita ng Diyos.

<sup>51</sup> Si Pablo, sa pagpapaayon niya sa Espiritu, ang sabi niya, “Kahit na Anghel pang mula sa Langit,” hindi pa nga sinabing isang arsobispo, ni isang papa, ni isang kardinal, “kundi kahit isang Anghel pang mula sa Langit, ang magdala ng anuman mensahe na iba sa kung ano na ang narito, siya ay matakawil.” [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang tatlong beses—Pat.]

<sup>52</sup> Subalit ngayon hindi na natin mapipigilan . . .Gaya nga ng sinabi ko taon na rin ang nagdaan, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, nababanggit ko na po ito sa inyo, noon pa man. Noong magsilitawan sina Hitler at Mussolini, sinabi ko, “Magtitipun-tipon ang mga iyon. Sasakupin na ng komunismo ang lahat ng naroon, at bababa iyon mula sa hilaga.”

<sup>53</sup> Kaya naman maging mapagmatyag kayo, iglesya. Nilalabas ng Diyablo ang ganitong propaganda, at hindi ito—hindi ito nakabatay sa Kasulatan. Ito’y nariyan para guluhin ang isipan ng mga walang alam, silang mga taong hindi espirituwal. At ngayon nga’y nabubuhay na tayo sa pinakadakilang araw na ito na maaaring mabuhay ang sinuman; ngunit pinakamadilim na araw ito, para sa mga di-mananampalataya, na sila tuloy . . . at tunay ngang nakalilitong panahon, para sa kanila, na hindi nakaaalam. Ito’y hindi na nga maikakaila, ito ngang araw na ating kinabubuhayan. At anong kagalakan ang mapagtantong matibay ang iyong pagkaka-angkla, ngayon, sa araw ngang ito, habang papalapit na tayo sa madilim, at masamang panahon.

<sup>54</sup> Ngayon, ayaw kong nagbabanggit ng mga tao, pangalan man, subalit kakailanganin kong magbanggit ng pangalan ng isang tao ngayon. Gayunman, idinadalangin ko ang naturang binata. At nananalangin ako, sa tuwina, para sa kanya. Ngunit, isa siyang instrumento sa mga kamay ng Diyablo, at heto nga ang binatang ito, si Elvis Presley. Nagkakahibang na ang mga tao sa boogie-woogie, o sa rock-and-roll na iyan. Hibang na hibang na ang mga mamamayang Amerikano. At sinisikap pa nila, sa pamamagitan ng ganoon ding espiritu, na maipasok ang bagay na iyan sa loob ng iglesya. Gustong-gusto kong ang himig sa simbahan ay tugtuging gaya ng himig sa simbahan, at hindi rock-and-roll sa simbahan. Subalit ngayong nahahawa na sila ng ganitong mga espiritu, mayroon ngang kung anong bagay na nasa likuran nito, at tunay ngang nakapaglagay na ang Diyablo ng kalaban sa harapan nila.

<sup>55</sup> At ito na nga itong aba, tumalikod sa pananampalataya, na binatang Pentecostal na ito na ang sabi, natutunan daw niya ang kanyang pasayaw-sayaw nang paalog-alog at payugyog-yugyog na iyan, kanyang “nakuha raw ito at natutunan niya sa

simbahan.” Isa siyang miyembro ng First Assemblies of God, ng Memphis, Tennessee. Kaibigan ko ang kanyang pastor.

<sup>56</sup> At siya nga ang instrumento ng Diyablo, para linlangin at padumihin ang isipan ng mga kabataan ngayon, hanggang sa isugod na sila sa isang lugar kung saan. . . Mayroon nga silang ganyang lugar diyan sa Canada, ang alam ko pa nga niyan ay kahahatid pa lang nila ng labing-apat na kabataan sa lugar na ’yan para sa mga baliw, ilang araw matapos magtanghal ang binatang ito roon. At sa bawat sulok ng bansa natin, heto nga’t nagkandahibang na ang mga tao, baliw na baliw na talaga.

<sup>57</sup> Kaya nila nagagawa ang ganyang mga bagay ay dahil wala na silang anupamang nalalamang mas mainam pa. Oh, kung maaari lang ay kilalanin na nila ang Panginoong Jesus; at mas mainam kung ganyan! Hindi ako humahatol; nalulungkot pa nga ako para sa binatang ito. At ngayon hindi ba’t naaangkop naman, na sa araw na kinabubuhayan natin, ang mga bagay na ito ay nagkakaroon ng kaganapan. . .

<sup>58</sup> At ang idolo nga ng Amerika ay ang kahali-halinang babae ng Hollywood. Noong, pinasimulan niyang maging huwaran kuno ng buong Amerika. Noong, hinayaan siyang lumabas na nakasuot ng mahahalay na damit, at halos lahat ng kababaihan dito sa Amerika ay sumusunod sa pauso niyang pananamit.

<sup>59</sup> Iyan nga’y isang—isang kirot sa puso ko, hindi pa ganoong katagalan, naroroon ako noon sa Roma, noong nailathala sa mga pahayagan at sa ulo pa nga ng mga balita ang tungkol sa babaing ito na napabalita sa dyaryo noong lumipas na araw, na manganganak sa Hollywood, at isa siyang Romana. At sabi nila doon sa dyaryo, sa mga pahayagan. . . At, ang kaibigan kong, si Baron Von Blomberg, na nakapagsasalita ng pitong iba’t ibang wika’y malinaw niyang binasa ang nakasulat doon. Sabi niya, “Maaaring siya man ay diyosa ng Amerika, pero siya ay isang mababang uri ng babae rito sa Roma.” Ang laking kahihyanan nun! Ngayon, hinahayaan lang nilang humantong sa ganitong eskandalo, hinahayaan lang na ganito ang mangyari, para lang masabing sabay sila sa espiritu ng panahon.

<sup>60</sup> Iyan nga ang dahilan kung bakit ang naturang iglesya ay patungo na sa pagsamba kay Maria, sa iba pang mga babae, at sa kung anu-ano pa. Ito’y ang siya ring espiritu, na nasa ilalim ng isang punong relihiyon. At iyan nga ang dahilan kung bakit kinakailangan nilang iwaglit ang inyong kaisipan sa purong Salita ng Diyos, upang ang programa nila ang umiral. Siyanga.

<sup>61</sup> Nakikita n’yo po ba ang pagbabaluktot na nakapaligid sa atin? Nakikita n’yo po ba ang kabataan ng Amerika, ito pong kalagayan nila sa kasalukuyan? Sila pa naman ang kalalakihan at kababaihan ng kinabukasan. Kaya naman sinabi ni Jesus, “Malibang paikliin ang mga araw na ito, ay walang laman na maliligtas.” Kung kaya, kung pagbabatayan ko ang sinasabi

rito, tayo ay nasa huling panahon na talaga. Di magtatagal ay darating na ang Panginoong Jesus.

<sup>62</sup> Subalit, ang espiritu ng panahong ito, oh, nakikita n'yo ba? Pagkaisipin n'yong mabuti. Nakikita n'yo ba ang nangyayari? Bago itong matinding pagpuksa, na parating, na maghahatid sa tatak ng hayop at tutupad sa Mga Kasulatan, sa pamamagitan ng pamimilit nila sa mga tao, matapos nilang mangamkam ng kapangyarihan gaya ng ginawa nila sa ibang bansa, pinipilit ang mga tao sa mga bagay na hindi naman dapat tanggapin, na magdudulot tuloy ng paglaganap ng pag-uusig at pagboboykot. Hindi pa rin ba ninyo nakikitang nahumaling na ang Amerika sa mga kaakit-akit na mga bagay at sa naturang diyosa? At ito na nga ang kahihinatnan ng lahat ng ito, ang Diyablo ay nasa kalagayang laman, gumagawa ng paraan para ilantad ang kanyang sarili. Amen. Umaasa akong nauunawaan ninyo ito. Manatili kayong malayo rito. Wala akong pakialam kung ilan pang mga D.D., mga Ph.D., o kung ano man ang nasa likuran niyan; isa pa rin 'yang kasinungalingan.

<sup>63</sup> “Sapagkat ang salita ng bawat tao ay sinungaling, at ang Akin ay tapat,” sabi ng Panginoon. “Sapagkat ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Mga Salita ay hindi kailanman lilipas.” Hinihingi ng Walang Hanggang Salita ng Diyos na ang tao ay maipanganak na muli. Anuman ang hindi makaabot sa pamantayang ito, Mapasawalang Hanggan silang mapapahamak. Kahit saang iglesya ka pa kaanib, o saan man nakalista ang iyong pangalan, o ano man ang mga nagawa mo; kapahamakan pa rin ang hahantungan. Ni kailanman ay hindi mabibigo ang Salita ng Diyos.

<sup>64</sup> Ngayon, sapat na itong sinabi ko. At umaasa akong nakuha ninyo ito sa Espiritu kung paano ito ipinagkalooob. At sa mga minamahal kong Katoliko, hindi ko kayo ibinababa. Kaibigan ko po kayo. At kung hindi, anong motibo. . . Kung tatayo ako rito, para kalabanin kayo, mas mabuting dumulog ako sa altar at itama ko ang aking puso sa Diyos. Ako nga'y nakatayo rito na nagdadalamhati, dahil kinakailangan ko pong sabihin ito; subalit nariyan nga ang isang Espiritu, na sang-ayon sa Salita, na naguudyok sa akin para sabihin ang bagay na ito, at upang balaan ang kawan na ipinagkatiwala sa aming pangalagaan ng Espiritu Santo.

<sup>65</sup> At ang makita ang mga naglalakihang mga programang ito saanmang panig ng bansa, na ginagawang katatawanan ang Biblia, sabi, “Gaya raw ito ng putik sa kalsada na natatapan mo. Walang makakasunod Dito.” Tama nga naman iyon, kapag laman lang ang pinairal.

<sup>66</sup> Subalit ang Espiritu Santo ang Siyang nangingibabaw at nangunguna sa isang tao. Itulot nawa ng Panginoon na makita ninyo ang kapalibanagan nito.

<sup>67</sup> Ang Salita ng Diyos ay una, at huli, at Walang Hanggan, magpakailanman. Sa sandaling magbitiw ang Diyos ng Salita, hindi na Ito kailanman mababago pa. Ang Diyos, bago pa man maitatag ang sanlibutan, ay nagsabing, “Nang pasimula ay ang Salita.” At ano ba “ang Salita”? Isa itong kaisipang nahayag. Ang Ama, ang Diyos, na nakakakita sa plano ng katubusan, tinugaygay Niya itong maigi, at nakita ang gawa ni Satanas. At pinag-isipan Niya ito, at isang natatanging programa lang ang Kanyang nakita; isa pa lamang itong kaisipan nang panahon na 'yun. Subalit noong ipinahayag na Niya ito, naging Salita ito. At kapag isa nang Salita, hindi na Ito maaaring mamatay; Iyon nga'y tunay na Walang Hanggan. Dahil hindi po maaaring mabigo ang Kanyang Salita na gaya rin naman Niyang hindi maaaring mabigo. Hindi rin maaaring mawalan ng buhay ang Kanyang Salita na katulad Niyang hindi maaaring mawalan ng buhay. Heto ang Kanyang Salita! Ang mga tao nung panahong una, sa paglipas ng mga kapanahunan, sila'y nagsibasa nitong Biblia. Binibigyang buhay Nito ang mga kongregasyon mula pa noong maisulat Ito.

<sup>68</sup> Kung susulatan ko kayo ng liham, maaaring matuwa kayo, sasabihin n'yo, “Kapatid na Branham, natutuwa ako sa iyong liham.” Espesyal kasing inilaan ito para sa inyo. Pero matapos dumaan ang ilang panahon, nawawala na ang halaga ng liham na iyon, maliban na lang kung gamitin n'yo itong patotoo para sa akin o laban sa akin.

<sup>69</sup> Subalit kapag ang Diyos ang nangusap, ito'y para sa buong sankatauhan. At Ito'y kasing sariwa pa rin, ngayong gabi, gaya Noong oras na sinalita Ito. Nagsalita nga ang Diyos at ang sabi, “Ang Cristo ay ang Corderong pinatay buhat pa nang itatag ang sanlibutan.” Noon ngang ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang programa at ng Kanyang kaisipan, at nang sinalita na ito, si Cristo ay pinatay na noon pa man, bagama't dumaan pa muna ang apat na libong taon bago Siya pinatay nang aktuwal. At ang Diyos nung panahong una, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, ay nakita na kung sino ang maliligtas at kung sino ang hindi. At doon ay isinulat na ang ating mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero, doon sa pagkatatag ng sanlibutan, at kasa-kasama tayo ng pinatay na Cordero.

<sup>70</sup> At sinabi ng Biblia, sa huling mga araw . . . Pakinggan n'yo! “At dinaya ng anticristo ang lahat ng nananahan sa lupa, na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero buhat nang itatag ang sanlibutan.” Manatili kayo sa Salita!

<sup>71</sup> Ngayon, napansin ko, sa ating mga kapatiran, at sasabihin ko ito sa ating mga Protestanteng kapatid nang may paggalang, nang walang pagkamuhi, nang walang masamang iniisip, hindi rin para lang may masabi lang ako. Kung tutuusin mas madali

pang mangusap tungkol sa ibang bagay. Pero, itong sasabihin ko, natitiyak ko pong . . .

<sup>72</sup> At sabi nga sa Biblia, “Bantay, anong nangyari sa gabi?” At kapag natanaw ng bantay na paparating na ang kalaban, at nabigong balaan ang bayan, sinabi ng Diyos na sisingilin Niya ang dugo ng bayan sa kamay ng bantay. Subalit kung babalaan sila ng bantay, kung gayo’y walang pananagutan ang bantay.

<sup>73</sup> Kaya, kinakailangan ko kayong balaan. At sa mga kapatid nating Protestante, napansin ko nga, maraming beses na rin, ayon sa ipinangaral kong Mensahe kaninang umaga, tungkol sa bagong espiritu, at saka sa Espiritu ng Diyos sa . . . Ilan po rito ang nakapakinig kaninang umaga? Sige po. Sa bagong espiritu, at ang Espiritu ng Diyos. Napakaraming may bagong espiritu, na walang Espiritu ng Diyos. Nais kong maunawaan n’yo itong maigi.

<sup>74</sup> Ngayon, laganap ang matinding kalituhan sa mga kapatid nating mga Protestante. At minsan sa pagdalo ko sa kanilang panambahan, nawawalan ako ng gana minsan. At pasensya na po sa nagamit kong salita. Subalit, gaya nga nung ang Espiritu Santo . . . Gaya nung, kinausap ko minsan ang aking maybahay na nakaupo riyan sa likod, noong isang araw. Napansin ko kasi ang mga pinsan ko nung sila ay nakaratay, magkatapat sila, magkaharap sila nang sandaling ’yun, at malapit na sila noong bawian ng buhay. Ang isa ay may tangan na rosaryo, dahil isa siyang Katoliko. At ang isa naman, isang Baptist, nakaratay sa kabilang panig. Sila pong dalawa, kapuwa ko mga pinsan. At napatingin ako sa kanila. Naisip ko, “O dakilang Diyos, bakit nangyayari ang mga ganitong bagay? Nabigo ba ako? May kung anong bagay ba akong napalampas?”

<sup>75</sup> Sabi ko tuloy sa aking maybahay, sabi ko, “Maraming mga bagay na hindi ako nakatitiyak, subalit may ilang bagay akong tiyak na tiyak.” Sabi ko, “Batang paslit pa lang, pinapanood ko na ang dagta ng halaman sa panahon ng taglamig, maging sa panahon ng taglagas, na bumababa mula sa punongkahoy, at pumupunta sa mga ugat, upang ikubli nito ang kanyang sarili at manatiling kulob at mainit sa buong taglamig. Nasaksihan ko na ito minsan sa sobrenatural na pagtingin, na sa panahon ng tagsibol, bumabalik ito paitaas, na may dala-dala nang mga dahon, at maging bunga. Nasaksihan ko na ang bulaklak nito, sa kagandahan nito sa panahon ng tag-init, na napayuyuko na lang sa panahon ng taglamig, sa tindi ng niyebe, at namamatay; at namamatay pati ang binhi, at patay rin ang lamukot sa loob. At pagkatapos masasaksihan ko na lang, pagsapit ng tagsibol, na naroon nang muli ang bulaklak.” Sabi ko, “Naniniwala ako. Alam kong nagagawa nila ang gayon. Nananampalataya akong Yaong tinatawag na Diyos na Jehovah, nananampalataya ako na ang Diyos na Jehovah na iyon ang gumagawa nito. Kanyang

pinatatakbo ang kalikasan. Nasaksihan ko na Siya, sa puno ng pino, sa puno man ng papaya, o sa puno ng betula, sa puno ng mansanas, sa mga punong ito gayong magkakaiba sila. At kung papaanong ang tao, na nilikhang magkakaiba, ay dinesenyong lahat ng isang dalubhasang Isipan, at iyon ang Diyos.” Sabi ko, “Yan ang bagay na tiyak na tiyak ako.”

<sup>76</sup> Nananampalataya akong si Jesus ay ang Anak ng Diyos. Naniniwala akong, sa Kanyang katawan, isa nga Siyang Tao. Ipinanganak Siya ng isang babae, kagaya ko rin naman, subalit ang Kanyang Dugo ay hindi mula sa isang babae; iyon ay sa Diyos. At ang Diyos na Jehovah, ang Logos, na lumimlim sa lupa, (nabanggit ko po ito sa Mensahe ko kaninang umaga), at nilikha ang unang lalaki mula sa alabok ng lupa; nilimliman si Maria, at nilukuban siya, upang magkaroon ng katuparan ang Kanyang Salita, at nilikha ang selulang Dugong nagpalitaw sa Anak ng Diyos na buhay. Naniniwala akong, sa katawan, Tao Siya. Naniniwala rin akong, sa Kanyang kaluluwa, Diyos Siya. Siya ang kahayagan ng Diyos dito sa lupa. “Ang Diyos ay nakay Cristo, na pinakipagkasundo (Niya) ang sanlibutan sa Kanyang Sarili.” Naniniwala akong hindi lang Siya tao, hindi rin Siya isang propeta lang. Siya ang Diyos, ang Emmanuel. Nananampalataya ako nang buong puso ko, na ito nga’y totoo. Hindi ko mapatutunayan ang katotohanang ito, dahil nga . . . kung kaya ko, o di sana’y hindi pananampalataya ang tawag dito. Pero nakatitiyak akong lumilipas ang mga punongkahoy at nanunumbalik. Nakatitiyak din akong lumilipas ang mga bulaklak at nanunumbalik. Nakatitiyak akong ang lahat dito sa kalikasan ay paikot-ikot lang. Nakakapanatili ang mundo sa kanyang pag-ikot, sa pamamagitan ng dakila’t napakataas na Kapangyarihan.

<sup>77</sup> At isa pang bagay na nakatitiyak ako, na, sa biyaya ng Diyos, may Isang dumating sa akin, sa anyo ng isang Anghel, isang Liwanag. At nagsaysay Siya sa akin ng mga bagay, kung anong mangyayari, at nasaksihan ko iyon. Natitiyak kong hindi iyon natural. Pinakita Nito sa akin ang mga bagay-bagay, ang mga mangyayari sa darating, at ni minsan ay hindi Ito nabigo. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang tatlong beses—Pat.] Nananampalataya akong Ito ang siya ring Diyos na kasama noon ni Joseph, na kasama ni Daniel, na kasama ni Elias. Nananampalataya akong Ito ang siya ring Espiritu Santo na nanguna noon sa mga anak ni Israel, sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy.

<sup>78</sup> Kung kaya, ako’y may kapanatagan sa mga bagay na gaya nito, na pinatutunayang tama nga ang Biblia, sapagkat ang mga bagay na iyan sa kalikasan, mga bagay na tinatawag kong pananampalataya, lahat ng mga nasasaksihan ko, pero wala akong kakayahang patunayan, napatunayan sa pamamagitan nitong Biblia na Ito nga ang katotohanan.

<sup>79</sup> Nasaksihan ko si Jesus. Hindi man Siya ang iniisip noon ng mga Hudyo na napakalayo sa inaakala nilang Siya. Kanyang—Kanyang tinupad ang bawat pamantayan ng pagiging Mesiyas. Siya talaga ang Mesiyas.

<sup>80</sup> At nasaksihan kong ang Espiritu na nasa mga kalalakihan doon, nasaksihan ko Itong bumaba sa kanila at gayundin ang kanilang mga gawa. Kung kaya, ako’y nanatiling isang matatag na mananampalataya ng Salita ng buhay na Diyos, kahit ano pang kahanga-hangang bagay ang magsilitawan.

<sup>81</sup> Nakadalo na ako sa ilang panambahan. At sinasabi ko ito na may pagpipitagan ngayon. Nasumpungan ko, sa maraming pagkakataon, dun sa mga iglesya, naniniwala akong nakukuha ng mga nagsisidalo ang espiritu ng isa’t isa, sa halip na yaong Espiritu Santo. Pumunta ka sa isang iglesya at pansinin mo kung saan papaling ang ulo ng pastor; doon din papaling ang buong kongregasyon. Pumunta ka sa isang iglesya kung saan nangangaral ang pastor na ang kanyang kamay ay inaagusan ng langis; malalaman mo na lang, paniwalang-paniwala na ang buong kaanib, at sasabihin nilang oo nga meron nga. Pumunta ka naman sa isang iglesya kung saan maraming pasayaw-sayaw at palundag-lundag at patakbo-takbo sa palibot. Hindi ko kinokondena ang mga ganitong bagay; nasasabi ko lamang ito ayon sa aking—aking napapansin, para magpakita ng isang—isang punto sa inyo. Kung kukuha kayo ng isang pastor na maemosyon, ang buong kongregasyon ay magiging maemosyon. Kumuha kayo ng isang pastor na napakaseryoso at pormal, at magiging napakaseryoso at pormal ng buong kongregasyon. Naniniwala akong nakukuha ninyo ang espiritu ng isa’t isa.

<sup>82</sup> Ipagpahalimbawa n’yo ang isang mabuting lalaki at isang masamang babae, at pagsamahin sila, mahahatak ang isa sa kabila. Alinman sa magiging masama ang lalaki, o magiging mabuti ang babae. Hindi kayo. . . “Hindi makapaglalakad ang dalawa na magkasama malibang sila’y magkasundo muna.”

<sup>83</sup> At masabi ko nawa ito nang may paggalang at naaayon sa Biblia. Sinisikap ko nang buong puso ko, sa abot ng makakaya ko, na huwag maging mahilig sa pakikipagbangayan. Dahil po, sa pangitain, nung umagang inilagay ko ang panulok na bato, ang sabi, “Ipangaral mo ang Salita. Gawin mo ang gawa ng isang ebanghelista. Gampanan mo nang buong-buo ang iyong ministryo. Sapagkat darating ang panahon na hindi na nila titiisin ang magaling na Aral; kundi magsisibunton sa kanilang sarili, magkakasundo pa nga, na magkaroon ng mga gurong may kati ang tainga, at tatalikod mula sa Katotohanan, upang bumaling sa mga katha.”

<sup>84</sup> Ano ba ang Katotohanan? “Ang Salita Mo’y Katotohanan.” Juan 17, “Pakabalanin Mo sila, Ama, para sa Katotohanan; Ang Salita Mo’y Katotohanan.” Ngayon. . .



<sup>85</sup> At kung ako'y magkulang, nananalangin akong patawarin ako ng Diyos. Subalit sinisikap ko talaga nang buong puso ko na ipahayag ang—ang Salita sa mga tao, upang ang Espiritung bababa, kapag nakatayo na ako sa Paghatol, ay hindi espiritu ng kung anong kababalaghan ng mga palakang naglulundagan mula sa mga tao, o mga kulisap na nagliliparan, o kung ano pa, o langis na pumapatak mula sa mga kamay; kundi ang Espiritu, na naroon sa Salita ng buhay na Diyos na nagsulat sa Bibliang ito, na may kalakip na isang karanasang nakaayon sa Biblia. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang apat na beses—Pat.] Ito nga ang pinagsumikapan kong maigi.

<sup>86</sup> Ngayon, upang ibatay ang munting kaisipan natin sa isang tauhan ng Biblia. Pipili lang ako ng isa, ngayong gabi, upang magkaisa ang ating mga kaisipan, para umayon ang mga ito sa isang kaisipan at mailahad ko ang mga ito sa inyo; pagkatapos ay maaari n'yo nang gawin kung anuman ang naisin n'yo, kung ano ang inilagay ng Diyos sa inyong puso.

<sup>87</sup> Balikan natin ang ika-22 kabanata ng Unang Mga Hari, at masusumpungan natin ang ganito, na may isang lalaki, isang hari, na nagngangalang Ahab. At isa siyang makapangyarihang hari, isang militar, at isang dakilang tao; subalit, isa siyang malahiningang, mananampalatayang di mawari kung sa tama ba o sa mali nakapanig. Ang pangalan niya ay Ahab.

<sup>88</sup> Dumating ang oras na ipinabatid, ng propeta Elias, ang siyang pinagtibay, isang propeta, ang kawakasan ni Ahab. Mga taon ang lumipas matapos ang paglisan ni Elias, may isang propeta namang nagngangalang Micaya. Nung panahong iyon, si Josaphat, ang kanyang ama, isang matuwid na tao, na siyang hari ng Judah, ay nagtungo para dalawin si Ahab, na hari ng Israel.

<sup>89</sup> At nung panahong iyon ang nasasakupan ni Ahab ay isang dakila, at kabigha-bighaning kaharian. Ngayon masdan n'yo, isang dakila at kabigha-bighaning kaharian! Dahil nga meron siyang isang munting, pinturadang asawa, na ang pangalan ay Jezebel, at madali nitong naakit ang buong bansa, maliban sa mga hinirang, sa mga diyos-diyosan ng kanyang bansa.

<sup>90</sup> Inyo bang, oh, mga kapatid, nakikita n'yo ba ang espiritu ng siya ring diyablong iyon na gumagawa sa Amerika ngayon, ang mga mumunting Jezebel, ang espiritu na nang-aakit sa mga anak ng Diyos palayo kay Cristo? Sinasabi ko ito, nang walang halong pagbibiro. Hindi ito dako para sa mga biro. Ito ang pulpito. Dito ang dako ng luklukan ng paghatol ng Diyos; at ang Salita ay ang hukom ng Diyos. O, Siya nga . . . Ito ang Kanyang hatol, ang Salita nga.

<sup>91</sup> Ngayon pansinin n'yo kung paanong ang munting babaing ito, marahil isa lang siyang mumunting marikit na bagay, pero nakahikayat siya ng isang bansa nang sa ganang kanya.

<sup>92</sup> At sa ano nga ba tayo nahihikayat ngayon? Tandaan n'yo, nabanggit ko na po ito noon pa, na ang Amerika ay sadyang mangingibig ng babae. Isa siyang mananamba ng babae. Ang espiritu ng Amerika, ay haling na haling sa babae. Itong mga mumunting babaing ito na galing pang Hollywood, maglalakad lang sila sa lansangan ay mas marami pa silang maipadadala na mga kalalakihan sa impiyerno kaysa sa lahat ng bahay-inumang mapagsasama-sama n'yo.

<sup>93</sup> At, gayunman, sa kanyang tamang kalagayan, ay isa siyang hiyas sa puso ng isang lalaki, at isang pagpapala sa Kaharian ng Diyos. Nakikita n'yo po ba?

<sup>94</sup> Ngayon masdan n'yo pansumandali. At, hindi, di para lang makapanghusga; manatili lamang kayo sa inyong kinauupuan at pakinggan n'yo itong maigi. Hayaan n'yo ang Espiritu Santo na dalhin ito sa inyo. Ngayon, sa araw na ito, nakarating tayo sa kalagayan na iyon na gaya noong panahon ni Ahab. Buweno, kahit ano ang sabihin ng naturang babae, 'yun ang ginagawa ni Ahab. Ngayon, maging sa iglesia, sinasamba na nila ang mga babae.

<sup>95</sup> Hindi pa ganoong katagalan, lumabas ang matuwid kong pagkagalit sa mga bagay na mali. Sa Mexico, noong makita ko ang isang kaawa-awang, munting babae, noong malaman ko po pala ang tungkol sa kanya, 'yan ang ibig ko po palang sabihin, na bumaba, gumapang nang milya-milya sa ibabaw ng maiinit na mga bato. At habang ang itay ay naglalakad, kilik ang isang sanggol sa kanyang mga bisig, dalawang bata po, at ang isa ay sumusunod-sunod doon sa ina. At ang babae, ay umiiyak, at natutuklap na ang balat sa kanyang mga tuhod, at hila-hila niya ang lupaypay niyang mga kamay sa batuhan, at umiiyak. At nakatingin ang mga naroon sa kanya. Tumungo siya roon sa isang rebulto, ng isang patay na babae na isang santo raw. At hindi ko po sinasaysay ito nang may kasamang pamimintas. Sinasabi ko po ito sa liwanag ng Salita ng Diyos. Ito'y walang halo, at purong, espirituwal po lamang.

<sup>96</sup> Sinabi ng Biblia, "Walang mamamagitan, walang tagapamagitan, sa Diyos at sa tao, kundi ang Taong si Cristo Jesus."

<sup>97</sup> Kung ang naunang iglesia ay Katoliko, kung gayon bakit sila nagbago; gayong kinondena ito ng sinaunang Katoliko, at tinatanggap na ito ng Katoliko ngayon? "Mundo ito ng babae." Yan ang espiritu at kasabihang ipinamumuhay, sa panahon ngayon. At totoo nga 'yan. Ganyang-ganyan na talaga.

<sup>98</sup> At sinabi ko na noon pa man na isang babae ang magiging makapangyarihang babae. Kayo pong mga mas nakababata na naririto ngayong gabi, tandaan n'yo na sinabi ito ni Kapatid na Branham. At sinabi ko na ito noong '33, noong makita ko ang Pagparito ng Panginoon. At kung papaanong patuloy na

maghuhugis itlog ang mga kotse, hanggang sa huli ay maging ganap na hugis itlog ang mga ito. Marahil ay alam na ito ng ilan sa inyo; nailathala ito sa mga lumang pahayagan at sa iba pa. Noong umagang naroon tayo sa maliit na templo ng Mason kung saan nagdaraos po tayo ng . . . o sa bahay-ampunan banda rito, sa—sa kasunod, doon sa ikalawang kalye, kung saan tayo nagdaraos ng pagtitipon. At nakita kong lumitaw ang isang babae, napakalasma niya, at kanyang pinangibabawan ang bansa. At sinabi ko na isang babae ang magiging Pangulo, o kaya nama'y may gaganapin siya, o magkakaroon ng dakilang kapangyarihan na kagaya nun, sa Estados Unidos, bago ang lubusang pagkawasak ng sanlibutan. Ilagay n'yo iyon sa inyong isipan. Sinabi ko nga ito.

<sup>99</sup> Pansinin n'yo ngayon kung ano ang nangyayari. Si Jezebel, pinamunuan niya si Ahab. Kinakaya-kaya niya siya. Dati-rati, ang kaawa-awang tatay . . . O, nananatili si nanay sa bahay noon kasama ng mga anak habang nasa labas naman ang lasing na asawang lalaki. Ngayon ang kaawa-awang tatay na ang nag-aalaga sa sanggol habang nasa labas ang lasing na babae. Hindi po 'yan biro. Katotohanan po 'yan. Hindi po mga taong matuwid ang tinutukoy ko. Hindi, po. Ipinakikita ko lamang ang espiritung nasa sanlibutan ngayon.

<sup>100</sup> Ngayon pansinin n'yo. Hindi ba ito isa na namang kaakit-akit na . . . Tingnan n'yo ang panahon ni Ahab, kung gaanong nanagana ang bansa. Oh, naku! Isang dakilang ginintuang panahon nga iyon noon. Nanagana nga nang husto ang Israel sa ilalim ni Ahab, ang mapagpaimbabaw na iyon, at si Jezebel ang siyang pinuno talaga sa likod nun! At iyon ay isang . . . Sa inyo po na mga nagsisipag-aaral ng Biblia. Kung paanong pinakasalan ni Ahab si Jezebel at dinala ang pagsamba sa mga rebulto sa Judaismo, sa panahong iyon ng kadiliman, gayundin namang pinakasalan ng Protestantismo ang Katolisismo, at dinala ang paganismo pabalik sa iglesyang Cristiano. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang minsan—Pat.]

<sup>101</sup> At sa panahon ngayon, alalahanin n'yo, tinawag na patutot ang iglesyang Protestante, dahil tinawag siyang isang babaing bayaran, din naman. Tandaan n'yo po iyon. Kaya naman, hindi maaaring tawagin ng palayok ang kaldero na maitim. Hindi ka maaaring lumundag buhat sa apoy, sa prituhan . . . sa kawali, papunta sa apoy, para matulungan pa ang iyong sarili.

<sup>102</sup> Subalit, pansinin natin ang Katotohanan. Katotohanan ang nais natin. Tayo ay mga taong nakatakda sa Walang Hanggan, at kailangan nga nating makatagpo ang Diyos. At kaya naman hanapin natin ang Katotohanan.

<sup>103</sup> Ngayon nais kong mapansin n'yo, kung mamarapatin n'yo. May parating . . . Lagi-laging, nagpapadala ang Diyos ng . . . O,

bago muna 'yan, si Josaphat, ang taong matuwid, humayo siya para dalawin si Ahab, at pagkatapos ay nadawit siya sa gulo.

<sup>104</sup> Hindi mo mapaghahalo ang tama at mali, at makakakuha ka ng anuman mula rito. Hindi mo puwedeng pagsamahin ang langis sa tubig; hindi iyon maghahalo. Ni magagawa mong, ang iyong mga asosasyon at mga kinaaaniban, na ipagsama sa mga bagay ng sanlibutan, at makapapamuhay ka pa rin ng isang matagumpay na buhay. Sinabi ng Biblia, “Magsialis kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo, sabi ng Panginoon.” Ngayon, kita n'yo?

Subalit, sinasabi n'yo, “Kasi nga, Kapatid na Branham!”

<sup>105</sup> Alam ko—ko po, kaso, heto nga't ginagamit n'yo ang sarili n'yong kaisipan. Salungat ito sa Salita. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang apat na beses—Pat.] At ang Salita ay ang Katotohanan. Sinasampalatayanan ko ang Salita.

<sup>106</sup> Ngayon pansinin n'yo, nagtungo si Josaphat kay Ahab, at, oh, naghanda ito ng malaking piging. Ganun nga. Ang tawag natin diyan, sa panahon ngayon, sa salitang kalye, “isang papiyesta.” At kinumbida niya ang lahat. Nagkatay sila ng baka, at kung anu-ano pa, at pati tupa. At nagsalo-salo sila sa isang malaking piging na nakahanda sa kalagitnaan nila.

At doon nasasangkot sa gulo ang isang mananampalataya.

<sup>107</sup> “Oh, sinasabi ko sa inyo, makitid lang ang isip ninyo, 'yang maliit na lugar ng mga holy-roller. Ganyan lang diyan. Dapat kayong pumunta roon sa malalaking simbahan. Dapat kayong dumalo. Oh, dapat n'yong makita! Ang pastor namin ay may D.D., D.D., Ph. D.” Nakita n'yo na, “Ang aming—aming pastor! Umaawit ang mga mang-aawit namin na parang mga Anghel.” Walang anumang kaugnayan iyan Dito, kung salungat ito sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ngayon, ang . . .

<sup>108</sup> At noong kinatay nila ang baka, at nagkaroon ng malaking piging, may ibang pakay pa nung sandaling iyon si Ahab. At mali ang mga motibo niya. Sinisikap niyang magpasikat, para mabitag si Josaphat.

<sup>109</sup> At gayundin ang sinisikap gawin ng Diyablo sa panahon ngayon. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang tatlong beses—Pat.] “Buweno, narito kami sa nakararami.” Oo nga naman.

<sup>110</sup> Noon pa man ay laging nasa kakaunti ang Iglesya ng Diyos, hanggang sa pagparito ni Jesus. “Huwag kayong matakot munting kawan, kalooban na mainam ng inyong Ama na ibigay sa inyo ang Kaharian.” Tama 'yun. Nasa kakaunti tayo, subalit ayos lang iyon. Hangga't naroroon ang Diyos, nakararami pa rin iyon, sa akin; at alam kong gayon din ito, sa inyo. Sapagkat, “Kung kasama mo ang Diyos, sino ang laban sa iyo?”

111 Ngayon, gayumpaman, siya—siya ay may motibo sa likod nun. At noong makatiyempo na siya, ang sabi niya, “Ngayong naririto tayong lahat at sadyang nagkakasiyahan! Maaari mo ba akong samahan sa Ramoth-Galaad, para lumaban? Dahil, ang totoo, nakuha lang iyon ng Siria, pero akin ang Ramoth-Galaad. Nararapat lang. May karapatan tayo. Tayo ang unang iglesya. May karapatan tayo.” Nakikita n’yo po ba?

112 At sabi ni Josaphat, “Buweno, ngayon, nagkakasiyahan naman tayo,” sabi, “ang mga tauhan ko ay para mo nang mga tauhan. Aba, mga mananampalataya naman tayong lahat, diba, kaya magsama-sama na lang tayo.” Nakagawa siya ng isang malaking pagkakamali. Nakagawa nga siya. At si Josaphat, sa kanyang pagiging sapat na esprituwal . . .

113 Ako’y naniniwala, nang buong puso ko, na iyon ay tipo ng araw na ito. Tunay nga, sa isang dako, sa isang pamamaraan, dadalhin ng Diyos ang Mensahe sa matapat ang puso. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang tatlong beses—Pat.] Sinabi Niya, nung pasimula, na gagawin nga Niya, kaya nga’t inilatag Niya ang programa. Hayaang . . . [Blangkong bahagi sa teyp.] Basta luminya lamang kayo Rito.

114 Ngayon masdan n’yo siya. Sabi niya, “Sige, makikibaka akong kasama n’yo. Pero,” sabi niya, “sandali lang. Naniniwala akong, bago tayo humayo, kailangan muna nating sumangguni sa Panginoon. Sa palagay mo? Kung mananampalataya tayong lahat, dapat nating tanungin ang Panginoon.”

115 “Buweno,” sabi ni Ahab, “oo nga naman, tama ’yan. Oh, bakit ba hindi ko naisip ’yan? Sige. Naisip ko na dapat ’yan, kanina pa.” Sabi, “May apatnaraan akong pinakamahuhusay na propeta na mayroon sa bansang ito. Maayos ko silang lahat na binibihisan. Lahat sila ay may D.D.D., Ph.D., at lahat na ng mga bagay-bagay. May napakalaki silang organisasyon diyan sa malapit, ang mga propetang ito, kaya’t ipasusundo ko lang sila at tingnan natin ang sasabihin nila.”

116 Alam n’yo, sadyang hindi niyon lubusang nakumbinsi si Josaphat. Kanyang . . .

117 Kaya humayo sila at sinundo sila, lahat ng apatnaraang propeta, hustong napakakain, maayos na nadaramtan. Si Ahab mismo ang nagpapakain sa kanila, kaya naman naipagagawa niya nang sadyang eksakto sa kanila anumang sabihin niyang gawin nila.

118 Hayan nga. Hayan na nga. Oh, siyempre naman, “Mayroon kaming naggagandahang mga simbahan dito, naglalakihang mga lugar.” Pero, sa maraming pagkakataon, kapag lumampas ang mangangaral nang beinte minuto sa pangangaral, patatalsikin siya ng lupon ng mga diyakuno. Subalit, pagpalain po ang inyong puso, hindi makikinig ang tao ng Diyos sa

walang kabuluhang gaya niyan. Tama. Kung masyado niyang idinidiin ang kasalanan, aba, iboboto siyang paalis ng buong kongregasyon; subalit iyon ay dahil nasa isang denominasyon siya. Subalit sa Iglesya ng Diyos, hindi ka inihahalal papasok o inihahalal papalabas. Isinisilang ka papasok, nang minsan, tatagal nang Magpasawalang Hanggan, magpakailanman. Ang Diyos lang ang makaaalis sa iyo; at nanumpa Siya sa Kanyang Sarili, na hindi Niya gagawin iyon kailanman. Amen. Alam Niya kung ano ang pagkayari sa iyo bago ka Niya dalhin sa loob. Hindi Niya pinatatakbo ang Kanyang gawain nang maluwig na gaya ng ginagawa ng ating mga organisasyon, isinasailalim ang mga tao, sa tatlumpu—tatlumpung araw, o animnapung araw, o siyamnapung araw, na probasyon. Alam na Niya kung ano sila bago pa man sila makapagsalita, bago pa man sila makapasok sa Iglesya. Alam na Niya mismo kung sa ano ang kanilang pagkayari. Iyan nga ang dahilan kung bakit kinakailangan talagang maipanganak na muli.

<sup>119</sup> Ngayon, noong dinala niya silang lahat doon, at naupo siya sa kanyang trono, ang isa ay naupo rin sa kanyang trono, at naupo na sila roon. At sabi, “Dalhin ninyo ang lahat ng mga mangangaral, ang mga propeta.” At lumabas silang lahat, at isinagawa ang samu’t-saring bagay na lagi nilang ginagawa. At nagkaroon sila ng kasiya-siyang panahon, siyanga.

<sup>120</sup> Sabi niya, “Ngayon, hindi ba sila kanais-nais pagmasdan? Pakinggan mo ang linguwaheng gamit-gamit nila.” Oh, naku! Napakahusay nilang magsalita, alam n’yo ba! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang minsan—Pat.] Oh, “Ahhhh-men,” at ang lahat nitong mga samu’t-saring pakana na ginagawa nila. At kung anu-anong halu-halong mga bagay ang ginagawa nila roon. Ginagawa nilang lahat.

<sup>121</sup> Kaya, naman, malalaman mo na lang bigla, kanyang sinabi, “Umahon ka! Sinasabi ng Panginoon, ‘Umahon ka!’”

<sup>122</sup> Sabi niya, “Ngayon nakita mo na, Josaphat? Kita mo na, tama nga ako, simula’t sapul.”

<sup>123</sup> Bakit? Alam na kasi nila ang sasabihin. Dapat lang na alam nila ang sasabihin, kundi ay mawawalan sila ng kredibilidad. Oh, siyanga, po. Dumaan dun ang puno ng distrito, at pati ang presbiter ng estado, at, ibig kong sabihin, mapapatalsik sila, agad-agad, kung hindi sila magsasalita ng mabubuting bagay tungkol sa—sa kamay na nagpapakain sa kanila. Dahil nga, ang alam lang nila ay materyal na pagkain, kaya ganun.

<sup>124</sup> Nagagalak akong may isang Kamay na nasugatan, na siyang nagpapakain sa Iglesya ng Diyos.

<sup>125</sup> Pansinin n’yo. Pagkatapos nun ay nakita ko silang lahat na nagpropesiya, “Oh, sige po, hari! GANITO ANG SABI NG

PANGINOON, ‘Umahon ka!’” At ngayon, ang kataka-takang bagay dun, totoo naman talagang kinasihan sila.

126 Subalit ngayon masdan n’yo. Gayunman hindi natangay ng ganoong uri ng inspirasyon yaong tao ng Diyos na naroon, si Josaphat. Sabi niya, “Sandali nga lang. Palagay ko nagkamali ako rito. May bagay kasing mali. Hindi dapat ako nakihalubilo rito.” Kita n’yo na? Alam ng baka ang kuwadrang pagmamay-ari ng kanyang amo. Kita n’yo? Mayroong . . . Sabi niya, “Uh, uh, ipagpaumahanhin n’yo, G. Haring Ahab, subalit, uh, wala na ba kayong isa pa, isa pang propeta?”

127 Aba naman, sasabihin ni Ahab, “Buweno, apatnaraan, na nagkakaisa na ’yan, at ang pinakamahuhusay na nakapag-aral na mga lalaking mayroon kami, at heto sila na nagkakaisa, ang sabi, ‘*Ito* ang kalooban ng Diyos! *Ito* ang kalooban ng Diyos!’”

128 Sabi niya, “Sadyang hindi ito tama, talagang may mali,” sa kaibuturan ng kanyang puso. Amen. Oh, handa na kayo rito? Heto na po. Alam niyang hindi iyon Salita ng Diyos. Sabi niya, “Wala na bang kahit isa pa?”

129 Ngayon pakinggan n’yo. Sabi ni Ahab, “Oo, mayroon nga kaming isang holy-roller. Mayroon kaming isa na ang pangalan ay Micaya. Subalit, sinasabi ko na sa iyo, muhing-muhi ako sa kanya.” Oh, oo! “May isa pa kami, pero hindi siya kabilang sa organisasyon namin. Matagal na nilang itiniwalag siya. Naroon siya ngayon sa maliit na bundok kung saan. Ang pangalan niya ay Micaya.”

130 Sabi ni Josaphat, “Nais ko lang pakinggan ang sasabihin niya.” Amen. Nakikita n’yo ba ito? Katipo ng panahon ngayon. “Wala na bang isa pa?”

131 Sabi niya, “Oo. Subalit, oh, isa siyang panatiko! Parati na lang siyang nagsasalita ng masasamang bagay patungkol sa akin.” Paano siyang magsasalita ng iba pang bagay, gayong nagsalita na ang Salita ng Diyos ng masasamang bagay tungkol kay Ahab! “Heto nga’t, kinokondena pa nga niya ang aming organisasyon. Heto siya, isang maninira ng iglesya. Iyan lang ang mapapala natin sa taong ito. Buweno, sinubukan siyang tanggapin ng mga propeta at bigyan ng kanyang Batsilyer na digri, pero, oh, ayaw niya talagang magpaturo. Lumabas siyang padabog dun. Isa lang siyang matandang panatiko.” Kita n’yo?

132 May sapat na Espiritu ng Diyos si Josaphat sa palibot niya, na mula pa sa kanyang tatay, ang sabi niya, “Nais ko siyang marinig. Humayo kayo’t dalhin siya rito.”

133 “Buweno, binalaan na kita. Binalaan na kita. Naglalaway siya at kung anu-ano pa. Hindi siya kapita-pitagan gaya nitong mga ibang lalaki.”

“Nais ko siyang marinig.”

“Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig. Sa iba’y hindi sila magsisisunod.”

<sup>134</sup> Mangyaring si Josaphat ay isa sa mga tupa ng Diyos. Sabi niya, “Para bang sadyang hindi talaga iyon tama.” Wala itong tamang . . . May pagkalampag nga ito, subalit wala naman itong tunog. Kagaya nga ng tansong tumutunog at isang batingaw na umaalingawngaw; hindi tama ang tunog nito. “Kagaya lang ng pagbuhos ng mga butil ng gisantes sa isang tuyong balat ng baka,” gaya nga ng laging sinasabi dati ni Roy Davis. “Para bang sadyang hindi talaga ito tama.”

<sup>135</sup> Sabi niya, “Hayaan mong mapakinggan ko itong lalaking panatiko, gaya ng tawag mo. Yaong ayaw makianib sa iyong organisasyon, at yaong sadyang may sariling mga kaisipan.” Sapagkat, natatalos niyang ang lalaking iyon ay nagtataglay marahil ng katotohanan, dahil natatalos niya ang hindi.

Kaya, sabi niya, “Magpapadala ako, ng susundo sa kanya, kung gayon.”

<sup>136</sup> Kaya, nagtungo nga sila roon sa mga maliliit na bundok, at doon sa maliit na daanan, saanman siya nangangaral, o ’yung maliit na misyon. At parating na ang sinugo para magsundo.

<sup>137</sup> At habang nasa daan ang mga magsusundo, oh, naku, talagang naligalig ang mga naiwan! Aba, may isa ngang lalaki, na nagngangalang Zedekias, nagpunta siya at nagsuot pa ng mga sungay sa kanyang ulo. Oh, kapatid, may kapahayagan din naman siya. May langis daw siya sa kanyang mga kamay, at kung anu-ano pa. Tinatamasa niya ang kasiya-siyang panahon. Siyanga, po. “Oh, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, maitutulak nga natin ang Siria pabalik sa kanyang lupain, sa pamamagitan ng mga sungay na ito!” Nagkakaroon nga sila nung mga oras na ’yun ng kasiya-siyang panahon.

Kaya, ang magsusundong dumating, ang sabi, “Micaya?”

Sabi, “O.”

“Ikaw ba ang anak ni Imla?”

“Oo, ako nga.”

“Ikaw ba ang propeta, ang holy-roller, ang panatiko?”

“Buweno, sa palagay ko’y ako nga ’yun.”

“Buweno, gusto kang makita ng hari.”

<sup>138</sup> “Oh, gusto ba niya?” Alam na iyon ni Micaya, walang duda. Sinabi na sa kanya ng Panginoon kung para saan ang lahat ng pagkakatipon na iyon doon. Kaya, tumindig siya.

<sup>139</sup> Pagkatapos, sinabi ng sumusundo, “Ngayon, sandali lang. Bago mo pasimulan ang rebaybal na ito, sasabihin ko na sa iyo kung tungkol saan ang ipangangaral mo. Ngayon, ang lahat ng ibang mangangaral ay hindi nangangaral tungkol sa ilang mga bagay. Huwag kang magsasalita ng tungkol sa karerahan ng



kabayo, at wala kang sasabihin tungkol sa *ganito*, at—at, o sa *ganito* at *ganoon*, dahil, kita mo, hindi 'yun sinasabi ng ibang mangangaral." Sabi pa, "Sasabihin mo ang siya ring sinasabi nila." Ngayon, ganyan na ganyan nga ang panahon ngayon.

<sup>140</sup> Ngayon sabihin lang natin ang sinasabi ng Kasulatan. Kaso sabi ng nagsundo, "Micaya, nagpropesiya ng mabuti ang ibang mga propeta sa ating hari. At ngayon, alam mo naman, na isa siyang pinagpipitagang tao," ganyan nga ang sinabi. "Ngayon kailangan mong sabihin ang siya ring kanya, kanilang sinasabi, at magpropesiya ka ng mabuti."

<sup>141</sup> Sabi niya, "Buhay ang aking Diyos, sasabihin ko lamang kung ano ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Amen. Bigyan nawa tayo ng Diyos ng ilang mga Micaya; manatili kayo sa Salita. Maaaring wala siya ng lahat ng mga pambihirang bagay na taglay ng iba. Maaaring wala siyang digri na mayroon ang isa, ang Ph.D. Maaaring wala siyang taglay na katayuang panlipunan. Maaaring hindi siya ang bigating D.D., sa harapan ng mga tao. Subalit nasa kanya ang Salita. Amen. Oh, 'yun nga. Alam niyang tutuparin ng Diyos ang Kanyang Salita. Kaya sabi niya, "Kung ano lang ang sasabihin sa akin ng Diyos para sabihin, sasabihin ko rin ang siya ring bagay na sinasabi ng Diyos."

<sup>142</sup> At kung sinabi na noong una pa ng Diyos ang mga araw na ito na paparating, nasabi na nga noong una pa man ang mga maling bagay na ito, ang pagsamba sa kababaihan, o maging ang pamamagitan ng mga santo, o komunyong ng mga santo; kung kinokondena Niya ang lahat ng mga walang kabuluhang ito, at lahat ng iba pang mga bagay na ito. At sasabihin, "Kung paanong si Janes at si Jambres ay nagsilaban kay Moises, ay gayundin naman ang mga ito sa huling mga araw." Akin ngang kinokondena ang bagay na ito, sa Salita ng Diyos, at sasabihin kong mali nga ito.

<sup>143</sup> Manatili kayo sa Salita. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang dalawang beses—Pat.] Wala akong pakialam kung ilan mang sensasyon ang nararamdaman ninyo, gaano mang karami kayong makatalon at makasigaw, gaano mang kagaling n'yong nagagawa ang *ganito*, ang *iba pa*. Kung hindi kayo pinangungunahan ng Espiritu ng Diyos sa isang malinis, isang sakdal na buhay sa harapan ng Diyos, itakuwil n'yo na ang naturang bagay. Kung ginusto ng Diyos na ang dumaloy sa inyo ay langis, o di sana'y ginawa Niya na kayong isang punongkahoy na olibo o isang balon ng langis sa Texas. Hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo, may mga layunin ang Diyos para sa lahat ng bagay. Manatili kayo sa Salita. Kung ano ang sinasabi ng Biblia, manatili kayo Rito. Ito ang Urim Thummim ng Diyos.

<sup>144</sup> At ang matandang Micaya, ang propeta, nanatili siya sa Salita ng Diyos; lumakad doon, na sadyang sintapang ng isang

leon. Noong gabing iyon ay binigyan siya ng Diyos ng isang pangitain. Alam niya kung saan siya nakatayo. At masdan n'yo. Oh, kapatid! May pangitain din ang iba, sila rin naman, subalit hindi sumasang-ayon ang kanilang pangitain sa Salita ng Diyos. Subalit si Micaya ay nakabatay dun sa Salita ng Diyos. Sapagkat, si Elias, na nagtaglay ng Salita ng Diyos, na propeta, ang tagakita, ay nagsaysay na kung ano ang mangyayari kay Ahab. Kaya papaano pang sasabihin ni Micaya na may mangyayaring mabuti, samantalang sinabi na ng Salita ng Diyos na masama ang mangyayari? Kaya naman, nakabatay nga siya sa Salita.

<sup>145</sup> Kapatid, kahit gaano pang kataas ang patulis ng simbahan, o gaano pang kagarang manamit ang mga taong nagsisidalò, ano man ang nakamit na edukasyon ng pastor, o ano pang may kinalaman dito, o ano man ang sinasabi ni Obispo Scheen, o ng sinumang iba pa, kung taliwas ito doon sa Salita, lumayo kayo riyan. Manatili kayo sa Salita. Doon nakasandig ang tunay na lingkod ng Diyos, doon mismo sa Salita. Siyanga.

<sup>146</sup> Nagtungo na roon si Micaya, at nakakita siya ng pangitain. At noong nagproposiya na siya, at nakita ang pangitain, nakita niyang sumasang-ayon nga iyon doon sa Salita, lumalakilap Rito mismo. Alam niyang taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Nagtungo nga siya roon.

<sup>147</sup> At sabi ng hari, “Micaya, na anak ni Imla, dapat ba akong pumunta ng Ramoth-galaad, o dapat ba akong umurong?”

Sabi ni Micaya, “Yumaon ka.”

<sup>148</sup> Sabi, “Tekang hindi 'yan tama.” Maging siya man ay alam ang mas mabuti, alam nga niya.

<sup>149</sup> At marami sa mga taong iyon ay nakikianib doon sa mga maglalakiha't mahuhusay na bagay, para lang matanyag. Alam na nilang mali iyon. Ang Espiritu ng Buhay na gumagawa sa sanlibutan, ay magsasabi sa kanilang mali iyon, kung mayroon nga silang katiting na Buhay na nasa kanila. Sinusundan nila ang mga kagila-gilalas na mga bagay na ito, mga palakang nagsisilundag, at mga kulisap na nagsisilipad, at nagsisinginig, at nagsisilundag, at nagsisitakbo, at lahat na, gayong alam na nilang taliwas iyon. Subalit nakikisama pa rin sila rito dahil sa isang sensasyon. Sino bang may pakialam sa mga sensasyon?

<sup>150</sup> Ang hinahangad ko nga ay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, siyanga, kung ano nga ang sinasabi ng Salita. Ngayon, naniniwala ako sa taos-pusong relihiyon. Naniniwala ako sa kagalakan, na maaari kong malasap. Nananampalataya ako sa Kapangyarihan ng Espiritu Santo. Naniniwala ako sa Makalangit na pagpapagaling. Naniniwala ako sa lahat ng pagpapamalas ng mga kaloob, subalit kinakailangan silang mapitagang mailagay sa Katawan, upang umayon nang walang labis at walang kulang sa Salita.

151 Kapag magpupunta ako sa isang lugar at magsisimulang mangaral, magtatawag sa altar, tapos isang babae ang tatayo at magsasalita sa iba't ibang wika. Buweno, nakakahiya talaga 'yun! Sadyang—sadyang nakalulungkot nga iyon! Ipinakikita lang niyon na ang kanilang pastor ay wala sa Salita ng Diyos, o di sana'y pahihintuin niya ang ganung bagay, at sasabihin, "Huwag mong gagawin iyan." Kita n'yo? Wala akong anumang laban sa kaloob; mali kasi ang pagkagamit nito. Kita n'yo?

152 At marami pang mga bagay, gugugol ako ng maraming oras kung iisa-isahin ko. Alam n'yo na ang sinasabi ko. Iyon ay, sa kabuuan, Katolisismo at Protestantismo. Ngunit, manatili kayo sa Salita.

153 Pansinin n'yo, ngayon. At nung makita niya ang pangitain, pumaroon siya at sinabi sa kanya. Sabi niya, "Yumaon ka."

Sabi ng hari, "Ilang ulit kong ipag-uutos sa iyo na sabihin mo sa akin ang katotohanan!"

154 Sabi niya, "Subalit nakita ko ang Israel na nakakalat, na gaya ng tupa na walang pastol."

155 At sabi ng hari, "Sinabi ko na sa iyo. Sinabi ko na sa iyo. Alam ko na ang sasabihin niya, bago pa n'yo siya dinala rito." Siyanga. Hindi kasi siya puwedeng magsabi ng iba pa. Taglay niya ang Salita ng Diyos kaya wala na siyang magagawang iba kundi kondenahin ang naturang bagay.

156 At sinasabi ko nga, ngayong gabi, sa liwanag ng Biblia, kinokondena ko itong walang kabuluhang bagay, sensasyon, panatisismo, at mga bagay na ang sabi, "Ang Salita ng Diyos, walang anuman Ito; at ang iglesya ang tama," at ang iba pang gaya nito. Kinokondena ko ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa kapangyarihan ng Salita ng Diyos. Hayaan nang lumipas ang kalangitan at lupa, subalit ang Salita ng Diyos ay mananatili magpakailanman na Katotohanan. Tama 'yun.

Ngayon, sabi, "Yumaon ka kung gusto mo."

157 At ano ang nangyari? May isang lalaki at nasa kanya ang lahat ng matitinding sensasyon, tinatamasa nito ang kasiya-siyang panahon, lumapit ito, dahil ito ang—ito ang pinuno ng iglesya. Lumapit ito at hinampas siya sa pisngi, sinampal ng kamay, sinampal siya. Oh, naririnig kong sinasabi nito, "Ikaw ay hamak, at huwad, na holy-roller. Saan nagdaan ang Espiritu ng Diyos, na mula sa akin, noong nagtungo Ito sa iyo?"

158 Sabi niya, "Alam ba n'yo ang nakita ko?" Sabi niya, "Habang nagkakasiyahan kayo rito, at ang engrande ninyong piging na walang katuturan ang pag-iingay, ay patuloy lang, sa dako rito, may nagaganap sa Langit, na kasabay nito."

159 At sinasabi ko nga sa inyo, habang nasa kulungan ng mga baboy ang mga alibughang anak, at nagsasayaw ang Amerika sa indayog ng boogie-woogie at ng rock-and-roll, kasama ang

kanilang mga Elvis Presley at ng kanilang “Who Loves Sucy”, may pagpupulong din na nagaganap ngayon sa Langit.

<sup>160</sup> Sabi niya, “Binuksan ng Diyos ang mga bintana at pinatunghay ako. Habang ang inaaturapag n’yo ay rock-and-roll, pinahintulutan ako ng Diyos na makatunghay sa Langit, at Doon ay may nakita ako.

Sabi, “Ano ba ang nakita mo?”

<sup>161</sup> Sabi niya, “Nakita ko ang dakilang hukbo ng Diyos, ng Diyos, na nakaupo sa kanan at kaliwang panig. At may mga Anghel sa isang panig at sa kabilang panig.” At sabi, “Noong makita ko ang mga Anghel, ang isa’y nakaupo sa isang panig at ang isa sa kabila, isang hukbo ng Langit ang nagkatipon.” At sabi, “Sinabi ng Diyos, ‘Sino ang isusugo Ko upang bumaba?’” Oh, naku! Makinig kayo. “‘Sino ang maisusugo Ko na bumaba, para maisuong Ko si Ahab doon upang matupad ang Aking Salita, na sinalita ng Aking propeta?’” [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang tatlong beses—Pat.]

<sup>162</sup> Manatili kayo sa Salita, kapatid, kahit gaano pa karaming kasiyahang rock-and-roll ang mayroon sila, at gaano mang kadalas nilang tinutugtog iyon sa simbahan, at gaano mang kadalas nilang ikinikilos ito sa iglesya, gaano mang kadalas nilang ginagawa ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*. Manatili kayo sa Salita. Tama ’yun. Tinutupad ng Diyos ang Kanyang Salita, sa tuwina. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang pitong beses—Pat.]

<sup>163</sup> Pansinin n’yo. “Subalit sabi, ‘Sino ang maisusugo natin upang bumaba? Sino ang maisusugo natin para bumaba roon at madala si Ahab dito, sapagkat kailangan nga itong matupad?’”

<sup>164</sup> At sabi niya, “Nakita ko ang isang mapandayang espiritu na nagprisinta. Sabi, ‘Hayaang ako ang pumaroon. Bababa ako at papasok sa bawat isa sa kanila na mga obispo, at sa kanila na mga propeta, at sa lahat ng mga presbiter ng estado, at sa lahat ng iba pa dun. At kakasihang ko silang magpropesiya ng isang kasinungalingan, upang maisuong ko sila roon.’”

<sup>165</sup> Ngayon sandali lamang po. Diyan lang po kayo. Handa na po ba kayo? Ang inspirasyon, ang inspirasyong hindi nakaayon sa Biblia, ay maling inspirasyon.

<sup>166</sup> “Kapatid na Branham, papaano namin matitiyak na tama nga kami? Nakikita naming naglilitawan ang *ganito*. Nakikita naming naglilitawan ang *ganito*, at lahat ng mga bagay na ito, at mga kagila-gilalas na bagay.” Manatili kayo sa Salita!

<sup>167</sup> Tunay nga, pare-pareho silang kinasihan. Narito ang isang munting lalaki, naninindigang mag-isa. Kinasihan siya. Narito ang apatnaraan, na mahuhusay na obispo, at sila’y kinasihan din naman. At ang bawat isa ay nagsasabi ng “GANITO ANG SABI NG PANGINOON.”

“Subalit papaano namin malalaman kung alin ang tama?”  
Manatili sa Salita.

<sup>168</sup> Taglay ni Micaya ang Salita, at alam niyang kailangang tratuhin nang masama ang kasamaan. Lalalaman niyang ang pagpapaimbabaw, ang kunwa-kunwaring relihiyon, ang bagay na may kung anu-anong kagarbuhan, at isang pinturadang Jezebel, at lahat nitong iba pang mga bagay, ay kinakailangang maparusahan ng kamay ng buhay na Diyos. Sapagkat, ang propeta, ang Salita ng Diyos, ay nagsabing gayon nga.

Sinasabi n’yo, “Ang propeta po ba ay ang Salita ng Diyos?”  
Siyanga, po.

<sup>169</sup> Malalaman nila. “Sa iba’t ibang panahon at sa iba’t ibang paraan ay nangusap ang Panginoon sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, sa huling mga araw na ito sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus.” Tama ‘yun. Siyanga, iyon nga ang Salita ng Diyos.

<sup>170</sup> Hayun nga sila, kinasihan, nag-aakalang tama sila! Hindi ko sinasabing hindi sila tapat. Mga tapat nga sila. Mga dakila silang tao. Hindi sila mga kung sinong walang pinag-aralan. Hindi sila magdamagan lang na natuto. Mga kinikilala silang tao, naturuan sa Salita, kinasihan. Subalit hindi nakaayon ang kanilang inspirasyon sa Salita ng Biblia. Iyan nga ang dahilan kung bakit alam ni Micaya na mali sila.

<sup>171</sup> At sinabi ng Biblia, na, “Sa huling araw, ang mga tao ay magiging mga maibigin sa kanilang mga sarili.”

<sup>172</sup> “Aba, ibig mo bang sabihin sa akin, mapagsasabihan ako ng pipitsuging dos-por-kuwatro na ‘yan? Isa akong obispo. Ako ang pinuno ng *ganito-at-ganoon*. Tinitingalang tao ako dun sa simbahang Katoliko. Tinitingala ako, sa Methodist, sa Baptist, o sa Pentecostal man. Ako ang presbiter ng estado. Ibig mong sabihin sa akin, hahayaan mo ang lalaking ‘yan. . .” Siyanga. “Sinasabi mo ba sa aking *ganito, ganyan?*”

<sup>173</sup> Sabi ng Biblia, “Sila’y magiging mga maibigin sa kanilang sarili, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungyaw, suwail, mga walang turing, mga walang kabanalan, walang katutubong pag-ibig, mga walang pagpipigil sa sarili, at mga hindi maibigin sa mabuti; na may anyo ng kabanalan, katulad nga nila, datapuwa’t tinatanggihan ang Kapangyarihan nito, ang Salita.” Kung hindi sila nagsasalita ng sang-ayon Doon, walang Buhay sa kanila. Siyanga. “May anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggihan Ito; lumayo ka rin naman sa mga ito. Sapagkat ito yaong mga nagbabahay-bahay, dala ang maliliit nilang mga aklat at mga panghikayat, at kung anu-ano pa, at binibihag ang mga haling na babae na lipos ng kasalanan, na hinihila ng mga iba’t ibang pita, na laging nagsisipag-aral, at kailanpaman ay hindi nakararating sa Katotohanan.”

174 Anong uri sila? Jambres at Janes; may lahat na ng uri ng mga pambihirang bagay at iba pa. “Kung paanong si Janes at Jambres ay nagsilaban kay Moises, ay gayundin naman na ang mga ito’y nagsisilaban sa Katotohanan: mga taong masasama ang pag-iisip, tungkol sa Salita.” Sinisikap na kunin ang Salita ng Diyos para baluktutin Ito at ibahin, sa isang pambihirang bagay, o isang panrelihiyong organisasyon, o magtatayo para sa sarili ng isang pangalang tatangkilikin, o gagawa sa sarili ng kung anong bantog na pangalan. “Lumayo rin naman kayo sa kanila.” Manatili kayo sa Salita!

175 Anong nangyari? Sabi niya, “Nakita ko itong mapandayang espiritu at sabi, ‘Bababa ako, kakasihan sila. At panghuhulain ko sila ng kasinungalingan.’” At ang mga lalaking naroon, sabik na sabik silang magpasikat sa madla!

176 O Diyos, tulungan Mo po kami. Sabik na sabik maging ganito, “Maging guro na may kati ng tainga, na babaling mula sa Katotohanan tungo sa mga katha,” gaya nga ng babala at sinabi sa atin ng Espiritu Santo, sa huling mga araw, kung ano ang kahahantungan nila. Sabik na sabik matanyag, ang sarili, upang makakuha ng mas malawak na pangangaral sa radyo, mas malawak na telebisyon, o isang mas mataas na pangalan, o mas malaking pagmamay-ari sa iglesya, isang mas dakilang bagay, na may pagtataas sa sarili. Sabik na sabik na gawin iyon, hanggang mabigo silang bantayan kung naka-ayon pa ito sa Salita.

177 Subalit, Si Micaya binabantayan niya ang Salita. Naroon sa kanya ang Katotohanan. Nasa kanya ang Salita. Pansinin n’yo, pagkatapos nun, sinabi niya ang magaganap.

178 At may isang lalaking lumapit at sinampal siya sa mukha, sabi, “Saan nagdaan ang Espiritu ng Diyos?”

179 Sabi, “Makikita mo ’yun pagkatapos mong pumasok dun sa pinakaloob na selda, na nagtatago.”

180 At nagsalita si Ahab, “Ilagay n’yo ang lalaking ito dun sa bilangguan. Itigil n’yo na ang lahat ng mga pagtitipon na ito, ngayon din. Ayaw na natin ng anupamang ginagawa ng holy-roller na ito rito.” Huwag po kayong mag-alala, malapit nang mangyari. “Ilagay siya sa bilangguan at patikimin n’yo siya ng tinapay ng pagdadalmhati at ng tubig ng pagdadalamhati. At pagdating ko nang payapa, ako na ang bahala sa kanya,” sa madaling sabi, “ipatatagpas ko ang ulo niya.”

181 Ang matandang Micaya, ay nanindigan sa Salita ng Diyos, dahil nakatitiyak siya sa kanyang pangitain. O Diyos! Dahil natitiyak niyang ang kanyang pangitain ay eksakto sa Salita ng Diyos, hindi talaga iyon mabibigo. Sabi niya, “Kung ikaw ay makabalik man lang, na payapa, ang Diyos ay hindi nagsalita kailanman sa akin.” Amen, at amen!

<sup>182</sup> Oh, mga minamahal! Patapos na po ang oras. Subalit gusto kong sabihin ito sa inyo, mahal kong kaibigan. Huwag kayong (kailanman) makikinig sa isang programa na nagsasabi sa inyo na hindi *Ito* ang Salita ng Diyos at ang Katotohanan. Huwag kayong makikinig kailanman sa anumang kagila-gilalas na bagay na hindi naman ipinahayag at sinabi nang una pa man ng Panginoong Jesus Cristo. Dahil, Siya, noong dumating Siya Mismo rito at pinagaling ang maysakit, ginawa lamang Niya 'yun upang matupad ang Salita. Para lang tupdin ang Salita!

<sup>183</sup> Kapuwa Niya sinabi, para sa lahat ng uri ng mga iglesya. Sa Apocalipsis, sa ika-17, sabi, “Nakita ko ang isang babae, isang patutot, na nakaupo sa isang malaking hayop na pula, sa pitong ulo.” Ang Vaticano ay nasa pitong burol. Kagagaling ko lang doon, ilang buwan na ang nakararaan. At sabi, “Siya ang ina ng mga patutot,” ang mga anak na babaing naisilang mula sa kanya. Ang sinumang masamang babae ay maaari namang magsilang ng isang mabuting anak na babae. Subalit masdan n’yo. Ano ang isang patutot? Isang babaing bayaran. Ano itong mga kahiya-hiyang babae? Ito ay ang mga lalaki. . . Ito ay mga babaing nagkakasala ng pangangalunya at nakikipamahay sa ibang lalaking hindi nila asawa.

<sup>184</sup> At ang mga taong ito, ang mga iglesyang ito, ay nag-aangkin na mga lingkod ng Diyos at iglesya ng Diyos, gayong pinahihintulutan at ginagawa ang mga bagay ng sanlibutan. Nagkakasala sila ng espirituwal na pangangalunya. Hinahayaan lang nila ang kongregasyon nila na magpinta ng mukha, sila. . . ang mga kababaihan ay nagsusuot ng shorts. At hinahayaan lang nila silang lumabas at manamit na gaya ng sanlibutan, at hindi man lang 'yun sinasaway. Hinahayaan nilang humitit ang mga kalalakihan ng konting sigarilyo, o uminom ng alak. Hinahayaan nila silang magdaos ng kanilang mga maliliit na pagtitipon para maglaro ng baraha, at maglaro ng bilyar sa ilalim ng bahay, at magdaos ng mga prom at mga sayawan sa simbahan, at mga pang-sosyalang hapunan at kung anu-ano pa, at magtuturo ng isang munting teolohiyang hindi mahalaga sa halip na ang Salita ng buhay na Diyos. Alam ninyong 'yun ang katotohanan. Ito'y hindi mahalaga, pambata, binaluktot, di-ko-mawari-kung-ano, may sa Diyablo! At sa Pangalan ni Cristo, hinahatulan ko ito, sa liwanag ng Salita ng Diyos, at sasabihin ko, “Ang dapat sa atin ay mabago, kasihan ng Banal na Espiritu, maipanganak na muli, lumakad nang may pagpapakababa, at lumagi sa Presensya ng Diyos, upang mapabilang sa Pag-agaw sa mga araw na darating.” Bumaling kayo sa mga bagay. . . ng Diyos, kayong mga narito, lumuhod kayo. Kayo na iglesya ng Diyos, na nag-aangkin na inyong nahagkan na ang—ang hangganan ng mga pagpapala ng Diyos, manatili kayo sa Salita ng Diyos. At anumang laban Dito, pumihit kayo agad palayo roon, at patuloy na sumulong.

Ang mga Ilaw sa gabi ay naririto na. Malapit nang dumating ang Panginoong Jesus.

Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali.

<sup>185</sup> Oh, sa dakilang Araw na iyon, ang Araw na iyon ng mga araw, at ang Aklat na iyon ng mga aklat. “At nangabuksan ang Mga Aklat, at ang bawat tao ay hinatulan sang-ayon sa Mga Salita na nakasulat sa Aklat.”

<sup>186</sup> Aba kong, naliligaw na kaibigan, hindi lahat. . . Oo, aking kaibigan, at ikaw na sumubok ngunit nabigo, at nakipagbaka sa hangin. Gaya ng isang ibon, na napansin kong, sinisikap na ihampas ang kanyang ulo sa isang bintana, upang patayin ang ilaw. Ano ang ginawa nito? Kanyang—Kanyang pinahirapan lang nang husto ang sarili. Patuloy pa rin namang nagliliwanag ang ilaw.

<sup>187</sup> Isang araw doon sa itaas ng Estatwa ng Liberty, doon sa malaking bisig nito, nakakalat ang mga na maliliit na patay na ibon sa buong palibot. Sabi ko, “Ano ang nangyari?”

<sup>188</sup> Sabi nung lalaki dun, “May—may bagyo kagabi. At sa kasagsagan ng bagyo, nagsilipad ang maliliit na ibong ito sa ilaw. Sa halip na gamitin ang ilaw upang makapunta sa ligtas, sinikap pa nilang patayin ang ilaw, gayung kayliit ng kanilang mga pakpak. At pinahirapan lang nila nang husto ang kanilang sarili.

<sup>189</sup> Huwag na ninyong pahirapan ang inyong sarili, para papagsabihin ang Salita ng Diyos ng bagay na hindi naman Nito sinasabi. Huwag kayong makisama sa mga kapisanan ng kapanahunang ito, dahil, “Kung iniibig ninyo ang sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutan, ay wala sa inyo ang pag-ibig ng Diyos.”

<sup>190</sup> Bakit hindi n’yo na lang dalhin ang Liwanag ng Ebanghelyo at lumipad sa ligtas na lugar ngayong gabi? “Oh, pangalagaan Mo kami, Diyos.”

<sup>191</sup> Makalangit na Ama, bilang mga lalaki at mga babae na nangakaupo rito, mga batang lalaki at mga batang babae, isang bagay nakatalaga sa Walang Hanggan, ito—ito nga pong mga petrolyo at kosmikong liwanag ng mundong ito, itong labing-anim na iba’t ibang elementong bumubuo sa amin. Sa loob ng kanilang katawan ay may isang kaluluwang napakahalaga; ang pasimula, ang umpisa.

<sup>192</sup> At dalangin ko po sa Iyo, Panginoon, na makipag-ugnay Ka ngayon din po sa pusong naroon, sa kaluluwang naroon, sa maamong bahaging naroon na nabubuhay magpakailanman, na siyang nagpapakilos sa amin. At dalangin ko pong Iyong ililigtas ang bawat naliligaw na makasalanang ngayong gabi. Mapagtanto nawa nila, na itong mga kahanga-hangang poste ng milyang dinaraan namin, ang mga palatandaang ito na



kumikislap sa magkabilang panig ng daan, ito'y palatandaan na malapit na ang pagpapakita Niyaong banal, ang Panginoong Jesus; Na, ang maging kaibigan Niya, ay nangangahulugan ng Buhay; ang makakilala, ay Buhay na Walang Hanggan. At makikilala lamang namin Siya sang-ayon sa Biblia, hindi sa aming iglesya; kundi, sa pamamagitan ng Kapanganakan, ang bagong Kapanganakan, ang maipanganak na muli.

<sup>193</sup> At, Ama, nananampalataya po ako, nang buong puso ko, na walang isa mang mortal na narito, kasama na ang sarili ko, na nagnanais na mahatulan o mapunta sa impiyerno. At bakit namin hahayaan ang isang bagay na humadlang sa aming daraanan? Bakit namin tatanggapin ang isang huwad, gayong punong-puno ang mga kalangitan ng tunay na bagay?

<sup>194</sup> At habang ang lupa ay nagdaraos ng mabunying mala-Babiloniang kasiyahan, umiinom ng alak, nagsisipaglasingan, halos hubad na ang kanilang kababaihan, mga kinakasamang babae gaya ng panahon ni Nebukadnezar, ay may sulat-kamay na nagsusulat sa pader. Nakita na ito ng mga propeta bago pa man ito mangyari, sila na mas angat kaysa sa pangkaraniwang tao. Nakikita namin ito dahil nakasulat ito sa Salita. "Hindi na tubig, kundi apoy na ngayon." At nakikita na namin ang sulat-kamay sa pader. Nakikita na naming nahatulan na ang bawat bansa.

<sup>195</sup> At kukunin na ng Diyos ang Kanyang Iglesya, ang siyang naipanganak na muli. Dumarating ang oras kung kailan yaong mga naroon sa panahong Lutheran, sa panahon ng Methodist, sa lahat ng mga nagdaang kapanahunan, na nangakatulog at may tapat na mga puso, sa Diyos. Kung kailan yaong mais ay maliit na dahon pa lamang, at kung kailan tungkos pa lamang ito. Subalit itong lahat, kapag pinagsama-sama, matitipon ang buhay na iyon, at darating na ang pagkabuhay na mag-uli. Ang lahat ng naroon ay bubuo sa dakilang magandang Katawan ng Panginoong Jesus, malapit na malapit na nga.

<sup>196</sup> Sinabi Mo, "Ang mga tatanggi Rito ay itatapon sa kadiliman sa labas, ng pagtangis at pag-iyak, at pagngangalit ng ngipin." Ama, Diyos, wala pong isa mang narito ang may nais na mapunta roon.

<sup>197</sup> Oh, mahabag Ka po sa amin, Diyos. At habang nagsisisi ang aming mga puso, habang nakayuko ang mga ulo naming nakatuon sa alabok, kung saan Mo kami noon hinango, at kung Ikaw ay magtatagal pa nga po, kami po ay babalik roon. Diyos, mahabag Ka po sa amin, habang nagsusumamo po ako para rito sa mga naghihintay na mga tagapakinig. Ngayong tapos na po ang Mensahe sa gabing ito, dalangin ko pong Iyong gisingin ang mga tao upang malaman nila ang katayuan nila sa Iyong Presensya.

198 At habang nakayuko ang ating mga ulo, mayroon po ba ritong . . . Ilan, po pala, (tiyak na marami sa inyo,) ang napag-isip-isip na n'yong hindi nakasunod ang buhay n'yo sa Salita ng Diyos? Naglimayon kayo sa daan. Hindi lubusan ang inyong pagsampalataya. At nanguha pa kayo ng kaunting sanlibutan, at kaunting *ganito* at kaunting *ganoon*. At ngayon sawa na at pagod na kayo rito, ngayong gabi. Oh, nakianib nga kayo sa iglesya, maaari nga; marahil hindi naman kayo nakianib. Hindi ko po alam. Subalit, sa harapan ng Diyos, Na maaari ngang bago sumapit ang kinaumagahan ay tatayo na tayo sa Harapan Niya, maaari kasing may atomikang misayl na wawasak sa buong paligid, pupugnaw sa lahat, bago sumikat ang araw sa kinaumagahan. Alalahanin n'yo, madaling araw po ngayon sa Rusya.

199 Sabi Niya, “Dalawa ang natutulog,” maaaring gabi sa isang lugar pagdating Niya, “ang isa ay kukunin, ang isa ay maiiwan.”

200 Panatag na ba kayo, sa inyong puso, sa liwanag ng Salita ng Diyos, na naipanganak na kayong muli sa Espiritu ng Diyos, at ang mga bunga ng Espiritu ay sumusunod na sa buhay n'yo, na may pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, pananampalataya, kaamuan, pagtitiis? Sumusunod na ba ito sa inyo?

201 Kung hindi, maari po ba kayong maging sadyang—sadyang matalino sa pagpapasya, maari ko bang ipagpalagay na kayo'y ganoon nga, upang itaas ninyo ang inyong kamay sa Diyos, at tanggapin ninyo ang inyong pagkakamali, habang sinasabi, “Diyos, mahabag Ka po sa akin, at tulungan Mo po akong maging yaong tipo ng Cristianong inaasam Mo para sa akin, sa pamamagitan ng pagkakaloob sa akin ng Espiritu Santo at pagpapahintulot sa aking ipamuhay ang isang maka-Diyos na pamumuhay”? Maaari po ba n'yong itaas ang inyong kamay sa Diyos? Pagpalain ng Diyos ang bawat isa. Maraming, sadyang maraming mga kamay ang nagsisitaas.

202 Ngayon, may iba pa po ba na nagnanais na magtaas pa ng kamay, na hindi nagtaas kanina? Maaari po ba ninyong itaas na ang inyong kamay? Mga kababaihan. . . Pagpalain kayo ng Diyos. Mga kalalakihan, mga kababaihan, kayo ba ay tu- . . . Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos, munting batang lalaki.

203 Napagtatanto n'yo po ba ito, ang kaseryosohan nito? Hindi kayo nagsisimba para lang makapakinig ng isang Mensahe. . . o para lang makita ang isang mensahero, ang ibig kong sabihin. Pumaparito nga kayo upang pakinggan ang Mensahe. At ang Mensahe, ay, ang Espiritu Santo na nagdadala ng Salita ng Diyos at ibinibigay Ito sa inyo.

<sup>204</sup> Ngayon, ano na? Marahil huli na ang lahat kinaumagahan. Nakahanda na po ba kayo, sa Presensya ng Diyos, na itaas ang inyong kamay, kayo pong mga hindi pa nagtataas, at sabihin, “Diyos, mahabag Ka po sa akin. Nais ko ang Iyong Espiritu na pumaloob sa akin”? Sapagkat . . . Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos diyan sa likod. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, at ikaw, at ikaw. Siyanga po. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo.

<sup>205</sup> Nakahanda na ba kayong sabihin, “Diyos, paroroon po ako sa bahay ng Magpapalayok. Ako ay sawa at pagod na. Noon pa man nais ko na ng banal na buhay. At, ngayong gabi, paroroon ako sa bahay ng Magpapalayok, upang isuko ang aking puso, at sabihin, ‘Diyos, wasakin Mo ito nang lubos, at pagkalooban po ako ng isang bagong puso, isang bagong espiritu, at ilagay ang Iyong Espiritu dun mismo sa gitna nito.’ At hayaang ang buhay ko ay tumakbo lamang nang naaayon sa Iyong Salita. Gawin Mo po akong isang Micaya ng panahong ito, upang ako po ay makapanindigan sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At ang pangitain ko at ang buhay ko, ay—ay maipamuhay ko sa harapan Mo; hindi ganang akin, bagkus ang Espiritung naroon sa akin, ang makapamuhay sa buhay na hinihingi ng Biblia. Ganoon ang gusto ko pong maging. O Diyos, sa Iyong habag, gawin Mo po akong ganoon”?

<sup>206</sup> Mayroon pa po bang, hindi pa nagtataas ng kamay, maaari n’yo na po bang gawin na ito. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos. Maupo lamang nang sadyang taimtim, habang kayo’y nananalangin sa oras na ito. Iyuko natin ang bawat ulo, ipikit ang bawat mata, manalangin ang bawat isa. Marahan lamang, magiliw, tanggapin n’yo na ito ngayon.

. . . swift translation,  
Naught of earth unmoved can stand,  
Build your hopes on things Eternal,  
Hold to God’s unchanging hand!

Hold to God’s unchanging hand!  
Hold to God’s unchanging hand!  
Build your hopes on things Eternal,  
Hold to God’s unchanging hand!

Pumisan po kayong kasama ng Diyos ngayon.

When our journey is completed, (Oh!)  
If to God you have been true,  
Fair and bright your home in Glory,  
Your enraptured soul shall view!

Ngayon ano ba ang dapat ninyong gawin?

Hold to God's unchanging hand! (Iyan nga ang  
Kanyang Salita.)  
Hold to God's unchanging hand!  
Build your hopes on things Eternal,  
Hold to God's unchanging hand!

207 [Inumpisahang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Hold To God's Unchanging Hand*—Pat.] Nariyan Siya sa tabi ninyo.

208 Habang pinagmamasdan ko ang mga tagapakinig ngayon, sa isang minamahal na lalaki; na nagpaalam sa kanyang irog, noong isang araw, pero pansamantala't kaunting panahon lang 'yan. At may isang nakaupo rin, sa isang dako, nagpaalam sa kanyang irog, pero pansamantala't sandaling panahon lang. Sa pagpanaw nila, pinanghahawakan nila ang di-nagmamaliw na kamay ng Diyos. Naririto ang mga minamahal nilang asawa, sa gabing ito, pinanghahawakan ang di-nagmamaliw na kamay ng Diyos, na may katiyakang magkikita uli ang mga magsing-irog. Oh, ano na kaya ang mangyayari kung wala sa kanila iyon? Oh, ang inyong pag-asa'y inyo ngang itayo sa mga bagay na Walang Paglaho!

Hold to God's unchanging hand!

209 Makalangit naming Ama, habang malamyos na tumutugtog ang musika, at ito nga'y isang mensahe. Isang Mangangaral, ang Epiritu Santo, na nangangaral sa amin sa pamamagitan ng musika ngayon, sinasabi sa amin kung ano ang dapat gawin sa Mensaheng ito, ngayong gabi, "Panghawakan lamang ang di-nagmamaliw na Salita ng Diyos. Ang Kalangitan at lupa ay lilipas, at magbabago, ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas." Hindi talaga Ito maaaring magbago. Ito ang Salita ng di-nagbabagong Diyos.

210 "Ang Salita Mo'y aking iningatan sa aking puso," sabi ng salmista, "upang huwag akong magkasala laban sa Iyo."

211 May dalawampu o tatlumpung mga kamay ang nakataas, ngayong gabi, Ama. Narinig na ng mga kalalakihan at kababaihan ang Salita, at siyanga, "Ang pananampalataya'y nanggagaling sa pakikinig." Ginawa nila ang isang ito, isang hustong pagpapasya, upang sa pamamagitan ng Iyong tulong at ng Iyong biyaya, magmula sa oras na ito, ay paglilingkuran Ka nila.

212 Ngayon maaari po bang Ikaw ay maging magiliw, Ama, na kumilos po dun sa kanilang puso? Ilagay Mo ang Iyong Espiritu sa bago nilang espiritu. Kinailangan Mo silang pagkalooban ng isang bagong espiritu, kundi ay hindi sana nila maitataas ang kanilang kamay. Hindi sana nila ninasa ito. Subalit, nagtungo sila sa bahay ng Magpapalayok, at hinayaan Ka nilang baguhin ang kanilang mga damdamin at ang kanilang mga kaisipan. At ngayon, sa kanilang puso, napalambot na sila.

213 At sinabi Mo, “Walang taong makalalapit sa Akin maliban nang ang Ama ang sa kanya’y magdala sa Akin.” Hindi sana nila naitaas ang mga kamay nila, mula sa pinakabata hanggang sa pinakamatanda, malibang sabihin Mo sa kanilang gawin ito. Ginawa nila iyon dahil nangusap Ka sa kanila. At iyon nga ang Diyos, na ipinagkakaloob sila kay Cristo, bilang handog ng pag-ibig. Ang kanilang puso nga’y nagpasakop na.

214 At naririnig namin ang Iyong dakilang tinig na nagsasabi, “Ang dumirinig ng Aking Salita.” Hindi ang Iyong Iglesya; taglay ng Iyong Iglesya ang Iyong Salita, at hindi Ito laban sa Iyong Salita. “Subalit ang dumirinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.”

215 Pagpalain Mo po sila, Ama, ng mahabang buhay, ng Walang Hanggang Buhay. At ibangon Mo sila sa huling Araw, gaya nga ng Iyong ipinangako. At ito nawa ay maging isang dakilang paglilingkod ng paghahandog, kung kailan ang mga banal ng buhay na Diyos ay magagalak at mababago.

216 Ang mga maysakit nawa, bawat isa, kung mayroon mang naririto, sila nawa’y gumaling na. Mahayag nawa ang Iyong Espiritu, sa pamamagitan ni Cristo na aming Panginoon.

217 Ngayon habang nakataas ang ating mga ulo, pansumandali. Iniisip ko po, kayo pong nagtaas ng inyong kamay, naniniwala akong tinanggap n’yong talaga ang sinabi ninyo. Kaya naman, at naniniwala akong tapat kayo. At dinadala ko kayo sa Salita ng Diyos, na siyang Katotohanan.

218 Ngayon ay may isang tanong lang po, saan n’yo ibig tikisin iyon? Kung taos iyon, ang Diyos nga ang kumatok sa puso n’yo. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang tatlong beses—Pat.] Tama po ’yun. Ngayon, kung talagang taos iyon sa inyo, kung gayo’y lumipas na ang mga dating bagay. Sinabi ng Diyos ang gayon. Hindi iyon maaaring magbago.

219 Sinabi ni Jesus, “Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan.”

220 Sa palagay ko, kung talagang naganap nga iyon sa inyong puso, na madarama mo ang lubos na pasasalamat sa Diyos, ay nanaisin mo ngang lumakad patungo sa Kanyang altar dito, at lumuhod at pasalamat Siya para sa ginawa Niya para sa iyo.

221 At habang nagpapatuloy ang kapatid na babae sa parehong awitin. Nais kong ang bawat isang nagtaas ng kanilang kamay, kasama niyaong mga hindi, pero naghahangad na sila rin sana, ay nagtaas. At tayo nga’y lumuhod at magbigay ng salita ng pasasalamat sa Makapangyarihan sa lahat, para rito sa ginawa Niya para sa atin. Pinatutunayan nito na tapat nga kayo.

Build your hopes on things Eternal,  
Hold to God's unchanging hand!

When our journey is completed,  
If to God you have been true,  
Fair and bright your home in Glory,  
Your enraptured soul shall view!

Hold to God's unchanging hand!  
Hold to God's unchanging hand!  
Build your hopes on things Eternal,  
Hold to God's unchanging hand! Oh!

*I'm Going Through.* Ngayon iniisip ko . . .

<sup>222</sup> Marami tayong mga pastor at mga ebanghelistang narito, ngayong gabi, na gustong-gustong makakita ng mga kaluluwa sa Kaharian ng Diyos. Iniisip ko, mga kapatid, kung kayo . . . Halikayo, pastor. At iniisip ko kung gusto ng mga kapatid na pumuwesto mismo *rito*. Mag-aalay tayo ng panalangin para sa mga minamahal nating nagsidalong rito.

<sup>223</sup> Alam n'yo po ba? Ayon sa Salita, kailangan kong padaanin Ito sa isang pagsubok upang makatiyak. Nagsitaas sila ng mga kamay upang matanggap nila ang Walang Hanggang Salita ng Diyos, sa gabing ito, at sumampalataya. At kaya ang sabi ko, "Ngayon nanalangin na tayo."

<sup>224</sup> Ngayon tingnan n'yo ang sinabi ni Jesus. Dalhin natin ito ngayong gabi. Napakarami nating mga pambihirang bagay, subalit dalhin nga natin ito sa Salita. Sinabi ni Jesus, "Ang dumirinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Sinabi na nga ito ng Diyos. Sapat na sapat na ito magpakailanman. "Walang taong," sinabi ni Jesus, "makalalapit sa Akin, maliban nang ang Ama ang sa kanya'y magdala sa Akin. At lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, ay magsisilapit sa Akin." Walang mapapahamak. "Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking Dugo ay may Buhay na walang hanggan, at siya'y Aking ibabangon sa huling araw."

<sup>225</sup> Oh, tunay ngang kamangha-mangha, ang tumingin sa altar na ito, dahil ang isang kaluluwa, ay katumbas ng sampung libong mundo. Hindi lang sila pumarito upang makianib sa iglesia. Pumaparito sila dahil miyembro sila ng Katawan ni Cristo. Pumaparito sila upang maghandog ng pasasalamat at manalangin. At idinadalangin kong pasiglahin ng Espiritu Santo at punuin ang bawat puso, paakyat-at-pababa ng altar na ito, ngayong gabi, taglay ang isang payapa, at matamis, at mapagpakumbabang espiritu, na maglalabas ng mga bunga at katuwiran ni Cristo, hangga't may hininga sa katawan nila, at sa pag-uwi nila sa Tahanan, sa Kaluwalhatian.

226 Maaari bang pumarito ang mga ebanghelista at mga pastor at tumayo sa palibot kasama namin, habang naghahandog kami ng panalangin, kung maaari po. Bawat isa, anuman ang iglesyang kinaaaniban n'yo, walang anumang kaugnayan 'yan dito. Nais lang naming pumarito po kayo, dito sa palibot ng mga tao.

I'm going through, yes, I'm going . . . (Hayaang iyan ang maging motibo ng inyong puso.)  
I'll pay the price, what other Christians do,  
I'll take the way (gaya ni Micaya) with the  
Lord's despised few,  
I've started in with Jesus, and I'm going  
through.

Oh, I'm going through, yes, I'm going . . .  
I'll pay the price, what other Christians do,  
I'll take the way with the Lord's despised few,  
I've started in with Jesus, and I'm going  
through.

227 Ako'y . . . Mayroon pa bang nagnanais na tahakin ang daan?  
“Kung ikahiya ninyo Ako sa harap ng Aking Ama, o sa harap ng mga tao, ikahihiya Ko kayo sa umaga, sa harap ng mga Anghel.”

228 Nahihiya ba kayo sa harap ng kaunting mga tagapakinig ngayong gabi, na manindigan? Nahihiya po ba kayo? “Ang kumikilala sa Akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin Ko naman siya sa harap ng Aking Ama.”

I'll take the way, Lord. I'm going through.  
I've started through with Jesus, and I'm going  
through.

229 Dumulog lang sa panalangin, ang bawat isa, habang sila'y naghahandog ng pasasalamat sa Diyos, para sa pagpapatawad ng kanilang kasalanan.

230 O Diyos, ang Ama at Manunubos ng sangkatauhan, ang mga narito ay nagsilapit ngayong gabi, nagpapahayag na hindi sila nailagay nang sapat sa Katawan ni Cristo. At dumudulog sila, sa gabing ito, upang makamit nila ang kanilang puwesto sa pamamagitan ng patnubay ng kamay ng Diyos, at ng Salita.


231 At dalangin namin, ngayon, na ilagay Mo sila sa puwesto sa Kaharian, kung saan sila makapaglilingkod nang lubos. At nawa sila, na nagkakaisa, ngayong gabi, ay manampalataya sa Iyong banal na Salita. At nawa Ikaw po, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay mangusap sa kanila, at nang sila po naman, sa pamamagitan ng inspirasyon, ay maakay roon sa puwesto sa Katawan ni Cristo, doon sa kung saan Mo sila tinawag.

232 O Diyos, lubos Ka po naming pinasasalamatan para rito! Nakaluluwalhati po Ito sa Iyong paningin. Nagagalak po ang aming mga puso na makita ang mga kalalakihan at kababaihan

na luhod na may pagpapakumbaba sa altar, at ipahahayag ang kanilang mga pagkakamali, at magsusumamo ng habag. Gabayan Mo po sila, Panginoon.

<sup>233</sup> Ang Iyong mga pinahirang lingkod, ang mga ministro ng Salita, ay nangakatayo sa tabi ng mga taong narito, at ako man ay nakatayo rin dito sa tabi nitong sagradong pulpito.

<sup>234</sup> Ito ay napakainam na sandali. Nagtirik ang mga Anghel ng Diyos ng kanilang kampo, sa tabi ng dakong ito, ngayong gabi. Sapagkat nasusulat sa Salita, “Ang mga Anghel ng Diyos ay nagbabantay sa palibot ng mga natatakot sa Kanya.”

<sup>235</sup> At ang dakilang di-nakikitang mundo, na ngayon ay nasa palibot namin, na pumupukaw sa aming mga damdamin sa pagsisisi, at ipinapakita ang kasamaan sa aming mga mata, na nagpapaalala sa aming nakagawa kami ng pagkakamali. Nang may nagsisising puso, isinusuko na namin ang mga masasama naming gawa, Panginoon, at humihingi ng Banal na habag. At nawa ang Espiritu Santo, na Siyang nangako sa amin ng habag, ay ipagkaloob ito sa bawat isa sa amin, habang may pagpapakumbaba kaming nagsusumamo at humihiling sa Diyos na tuparin Niya ang Kanyang Salita, at nang mahubog ang mga buhay namin at ang aming pag-uugali upang lumapat sa Kanyang Salita. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Cristo. 



*TINUTUPAD NG DIYOS ANG KANYANG SALITA* TAG57-0120E  
(God Keeps His Word)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Enero 20, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2015 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)